UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY
JUL 8 1957

Magasin ng BAGONG Buhay

HULYO 7, 1957



"BB. TABAKO. . ." Tingnan ang pah. 6-7

# mga Sulat sa Editor

Bakit po kaya ngayon lamang namin muling nabasahan ng akda si Pedro S. Dandan? Mahigit nang isang taon nang lumabas ang isa niyang kuwento, at noong Linggo lamang naulit. Nagsasawa na kaya sa panitikan si PSD, o talagang "pinamamahal" na niya ang kanyang mga akda buhat nang mahirang siyang "Kuwentista ng Taon"? Sa palagay po namin ay may masasabi kayo tungkol sa mga bagay na ito. —*Demetrio Salinas, Jr., Mendiola, Maynila.*

**Hindi ho namin masabi ang mga gusto ninyong malaman. Nguni't pag nakausap ho namin si PSD ay itatanong namin ang mga bagay na binanggit ninyo. —ED.**

---

Mainam ho ngayon ang nilalaman ng "ating" magasin. Magaganda ang mga kuwento at artikulo, laluna ang nobelang "Ulilang Halaman".

Bakit ho hindi ninyo gawing tatlo o dalawa ang mga nobela na gaya nang dati? Kami hong mga tagarito sa Kainta ay higit na nasisiyahang magbasa ng mga nobela, lalo't magaganda at kasiyasiyang subaybayan. —*Gng. Benita Polona, Kainta, Rizal.*

**Hayaan ninyo't sisikapin naming mapagbigyan ang hinihingi ng inyong kasiyahan. —ED.**

---

Mainam ho ang binuksan ninyong pitak para sa kabataan. Iyan ay isang pampasigla at pagbibigay-pag-asa sa mga "mahilig sumulat". Ang isa kong anak, na bigo sa kanyang mga unang pagtatangka sa panitikan, ay nagkaroon ngayon ng panibagong pag-asa sa kanyang hilig.

Magpatuloy nawa ang pagtatagumpay ng inyong magasin. —*Pedro H. Sulpa, Meykawayan, Bulakan.*

**Salamat ho... Mang Pedro. —ED.**

---

Magaganda ang modang inilalabas ninyo Linggu-Linggo. Katunaya'y tinitipon namin at ginagawang album. Nguni't lalo sanang mainam kung maglalabas kayo ng mga modang lalong simple at angkop isuot ng mahihirap na kababaihang tulad namin. —*Irene Almario, Antipolo, Rizal*

**Ihahatid namin ang inyong mungkahi sa kinauukulan. —ED.**

---

Nababalitang nangingibig daw si Leroy Salvador kay Charito Solis. Tutoo po ba ang balitang ito? Bilang editor ay may nalalaman marahil kayo tungkol sa kanilang dalawa. —*Felipe Santos, Mandaluyong, Rizal.*

**Ganyan din ho ang balita namin. Pero, lalong mabuti'y sa LVN kayo sumulat. —ED.**


MAGASIN NG BAGONG Buhay

Lumalabas tuwing Linggo ng umaga na kalakip ng pahayagang BAGONG BUHAY

Tanggapan: Manila Times Bldg., Florentino Torres, Sta. Cruz, Maynila

Pansamantalang limbagan: PSP Press, Sampaloc Ave., Lunsod Quezon

Namamatnugot: EDDIE BAÑOLA

MERCEDES B. MACALALAG — Pitak-Pantahanan

PETE VENEZUELA — Sa Sining

GREGORIO B. FLORENCIO — Kagawad at katulong sa Anunsiyo

BEN T. SANTOS — Potograpo




Nagbubuwal ng punong-kahoy, lumalagas ng dahon at tumutuklap ng atip ng bahay ang babalang may darating na "malakas" na bagyo. Kuha ang larawang ito pagkatapos pinsalain ng bagyong Gilda noong nakaraang taon ang mga pulo ng Batanes sa dulong-hilaga ng Pilipinas. Ang lakas ng hanging nagwasak nito, sang-ayon sa Kawanihan ng Panahon, ay 160 milya sa isang oras.

# PUMAPATAY ANG BAGYO

## Maiiwasan ang maraming panganib sa buhay kung panahon ng bagyo kailan ma't nauunawaan ang mga babala

KIDLAT, lamig, baha, koryente, walang takip na imbornal, malakas na agos, pagkabuwal ng punong-kahoy, pagkagiba ng bahay at paglipad ng bubong na yero ang kabilang sa mga panganib sa buhay ng mamamayan kung panahon ng bagyo na tulad ngayon.


Nguni't maiiwasan ito kung mauunawaan lamang ang mga patalastas at babalang inihahayag ng Kawanihan ng Panahon, hindi lamang ukol sa mga nasa lupa kundi gayon din sa mga nasa dagat at himpapawid o sa mga bapor at aeroplano.

Kapag ang babala ay ukol sa malakas na bagyo, iniuutos ng mga pinuno ng paaralan sa isang purok na pinag-uukulan ng babala, ang pagpipinid ng klase upang hindi mapasuong sa mga panganib na nabanggit ang mga batang nag-aaral. Isa ito sa mga paglilingkod na ginagawa ng Kawanihan ng Panahon sa kapakanan ng mamamayan.

Magsimula tayo sa pangalan ng mga bagyo. Ipinaliwanag ng mga pinuno sa Kawanihan ng Panahon na ang pagbibigay ng pangalan ay pinagkaisahan at pinagtibay sa isang panayam ng mga pinuno ng iba't ibang palingkuran o tanggapan sa paghula sa lagay ng panahon.

Ang tinurang panayam ay idinaos noong liberasyon ng iba't ibang bansang may palingkuran ng bapor at aeroplano, kabilang ang Pilipinas. Mga pangalan ng babae sa wikang ingles ang pinagkaisahan. Ang layunin ay magkaroon ng palatandaan ang isa o dalawang bagyo kung nag-

Lalong lumalaki ang kapinsalaang nagagawa ng isang bagyo kung may kasamang malakas na ulan at sinusundan ng baha. Ang mga napinsalaan ay hindi agad makakilos sa kanilang pagbabagong-buhay habang hindi lubusang humuhupa ang tubig. Kuha ang larawang ito sa Naga, Kamarines Sur pagkatapos maminsala roon ang bagyong Polly noong nakaraang Disyembre. May dalawang araw na nababad sa tubig ang lunsod. Makikita si Gng. Amparo P. Villamor, tagapangasiwa ng SWA, na bitbit ang sapatilya at namamangka sa kalye. Isang babae ang nasawi sa panahon ng kalakasan ng bagyo.



kakasunod upang malaman ng madla kung alin ang tinutukoy sa isang patalastas o babala ng Estasyon ng Panahon.

Upang magkaroon naman ng pagkakaisa o ng magkakatulad na babala at malaman ng mamamayan ang lakas ng hanging taglay ng isang bagyo, ang mga palingkuran ng iba't ibang bansa sa Dulong Silangan ay muling nagdaos ng panayam sa Maynila noong Mayo 10 hanggang Mayo 14, 1949 at pinagkasunduan ang pagpapairal ng isang bagong paraan sa pagbibigay ng babala hinggil sa pagsipot ng bagyo o pagsusungit ng panahon. (Ang pinagtibay na paraan ay ipinalit sa dating ginagamit sa Pilipinas mula noong 1935).

Alinsunod sa pinagkaisahan at siyang ginagamit ngayon ng "Weather Bureau Forecasting Center" sa "Manila International Airport", ang iba't ibang lakas ng hangin na siyang bumubuo ng isang bagyo ay gaya nito:


Kung ang bilis ng hangin alinsunod sa aparatong sumusukat nito ay 1 milya hanggang 15 milya bawa't oras, ito'y tataguriang karaniwan o mahina; mula sa 15 hanggang 29 na milya isang oras ay katamtaman; malakas kung mula sa 30 hanggang 54 na milya isang oras at napakalakas kung mula sa 55 at pataas.

Ipinaliwanag na ang mahinang hangin ay nadaramang dumarampi sa mukha at nagpapagalaw ng mga dahon ng punong-kahoy; ang katamtaman ay nagpapalipad ng alikabok at ng nakakalat na papel; ang tinaguriang malakas na hangin (30-54 na milya isang oras ang bilis) ay nagpapagalaw na ng buong punong-kahoy at maaaring makabakli ng sanga.

Bihirang danasin ang napakalakas na hangin. Ang bilis nito ay mula sa 55 milya isang oras pataas. Nakatutuklap na ito ng mga lumang bubong o mahihinang atip at maaaring magbuwal ng punong-kahoy.

Kapag naghayag ng "babala" ang Kawanihan ng Pana-


(*Sundan sa pah.* 20)



**Mahigit sa 75 milya isang oras ang tinatayang lakas ng hanging nagpupo sa mga bahay na ito sa daang patungo sa paliparan ng Sebu, Lunsod ng Sebu, may ilang taon lamang ang nakalilipas. Mapapansing hindi lamang mga bahay ang "nakagulapay" kundi nabuwal din ang poste ng elektrisidad at napahalang sa kalahatian ng kalye.**










F. E. ZUELLIG, INC. MAYNILA — CEBU

Mabibili sa:

| MAYNILA | |
|---|---|
| Chua Chuan Huat | 576 Sto. Cristo |
| Chuan Hong Glassware | 817 Sto. Cristo |
| Co Chin Ling & Co. | 575 Hormiga |
| Eng Hing Glassware | 1216-18 Soler |
| Eng Ho Bee Glassware | 1206-08 Soler |
| Far Eastern Glassware | 1202-04 Soler |
| Han Seng Trading | 479-81 Sto. Cristo |
| Heng Lu Glassware | 573 Sto. Cristo |
| Kian Liong Glassware | 612 Sto. Cristo |
| Kian Seng Glassware | 523 Sto. Cristo |
| La Suerte Glassware | 556 Sto. Cristo |
| New Star Trading | 515 Lavezares |
| Neco Glassware | 828 Sto. Cristo |
| Sam Yek Trading | 530-32 Sto. Cristo |
| Siong Huat Glassware | 509-11 Sto. Cristo |
| Star Hardware | 770 Folgueras |
| Suy Ker Glassware | 606 Sto. Cristo |
| Tiong Ho Com Enterpr. | 522-24 Sto. Cristo |
| United Glassware | 637 Sto. Cristo |

MGA LALAWIGAN

CAGAYAN DE ORO
Go Koon
CEBU
Chu Hoc Trading
Chuan Seng Co.
Kiam Lam Company
Modern Commercial
Sen Hiap Hing
Sin Chuan Liong
COTABATO
Sen Ho Seng Trading
DAVAO
Boss Trading Co.
Kim Guan Trading Co
Libbey Commercial
Uyanguren Hardware Co.
ILOILO
New Life Commercial
LEGASPI
Sincere Trading
SURIGAO
Tong Hay Trading
TACLOBAN
Sinson Trading

*Sa mga bakas ni Magsaysay*

# PANGARAP ANG

***Sinulat ni CARLOS C. MARCELO***

**"Bigyan mo ako ng mabuting poso sa bawa't nayon sa Indiya at makatutulong ka nang malaki sa pagbaka sa komunismo... Ang mga kababayan ko'y hindi magkakasakit; makagagawa sila sa kanilang mga sakahan at hindi sila magugutom. Alalahanin mong ang himagsikan ay nililikha hindi ng malulusog at nakaririwasa kundi ng mga maysakit at nagugutom."**

Ito'y ipinahayag ng isang manggagamot na Indiyo sa Kapulungan ng Pandaigdig na Samahan sa Kalusugan ng Nagkakaisang mga Bansa nang tanungin ni Dr. Rolf Eliassen ng **Massachusetts Institute of Technology** kung ano ang kalagayan ng kilusan laban sa komunismo sa Indiya.

Ang diwa ng nabanggit na Indiyo ay tinaglay ng yumaong Pangulong Magsaysay nang ibunsod niya ang kilusan sa pagpapatayo ng mga poso-artesyano sa mga nayon upang mabigyan ng malinis na tubig ang mga mamamayan.

Kandidato pa si RM nang balakin niya ang pagpapatayo ng mga poso-artesyano. Iyon ay paulit-ulit niyang ipinahayag sa kanyang pagkampanya. Maraming pulitikong umaglahi sa kanya noon.

Nguni't nang magsalita sa palatuntunang "Tumatawag sa Malakanyang" ng isang himpilan ng radyo ay ipinaliwanag niya sa yumaong Pangulong Elpidio Quirino:

"Ikaw at ang mga kapanalig mong Liberal ay nagtatawa sa akin dahil sa pangako kong pagtatayo ng mga poso-artesyano sa mga baryo. Ang isang poso-arteryano sa Lapasan, Ginoong Pangulo, ay makapagpapaligaya sa 300 pamilya.

Ang Lapasan ay isa sa mga nayon sa Kagayan de Oro na dinalaw ni RM noong Agosto, 1953, matapos kapanayamin si Gng. Cristeta Fernandez.


Dating taga-Lapasan nguni't naninirahan sa Kagayan de Oro, ipinagtapat ni Gng. Fernandez: "Iniwan ko ang Lapasan pagka't napakahirap mamuhay roon. Walang tubig, walang ilaw. Mula noong Liberasyon ay di pa naaayos iyon. Ang mga gusaling pambayan, gaya ng bahay-paaralan, ay nabubulok..."

At nagsuri si RM sa Lapasan.

Natuklasan niya ang lalong malungkot na katotohanang walang poso-artesyano sa Lapasan gayong na sa pagitan ng planta ng tubig at ng Kagayan de Oro. Kailangan-pang maglakad ng tatlong kilometro o sumakay sa karitela



**Noong Kalihim pa ng Kagawaran ng Tanggulang Pambansa, at maging nang pangulo na ng Republika, si RM ay madalas na magsuri sa mga liblib na purok. Makikitang bumababa sa isang aeroplano ng Hukbong Panghimpapawid si RM buhat sa paglilibot sa mga nayon.**



Libu-libong tao ang sumalubong at bumati sa yumaong Pangulong Ramon Magsaysay nang magtungo sa Lunsod ng Dabaw bago maghalalan noong 1953. Napamahal palibhasa sa mga mamamayan dahil sa mabuting paglilingkod sa pamahalaan noong Kalihim pa ng Kagawaran ng Tanggulan, ipinagbunyi siya ng madla.

Sa Pangasiwaan ng yumaong Magsaysay ay nagkaroon ng magandang pagkakataon sa pagbabagong-buhay ang mga tulisang mapayapang sumuko sa pamahalaan, dahil sa pagbibigay ng pamahayan sa EDCOR at NARRA. Matamang kinakapanayam ni RM ang isa sa mga naninirahan sa NARRA.



# TUBIG

ang mga taga-roon sa pag-igib sa kabayanan. Nguni't kailangan ding bumayad sila ng ₱.10 sa isang baldeng tubig.

Nang mahalal na Pangulo'y hindi nalimot ni RM ang suliranin ng Kagayan de Oro. Pinaunlad niya ang mga kaluwagan sa patubig doon, bukod sa mga poso-artesyano, sa pamamagitan ng noon ay Kalihim Vicente Orosa ng Kagawaran ng mga Gawaing-Bayan.

Sa pagdalaw sa mga liblib na purok ay napatunayan ni RM na ang suliranin sa tubig ay malaganap. Nakaantig sa kanyang damdamin ang ipinagtapat ni Jose Alvarado, isang magsasaka sa Salapungan, Kandaba, Pampangga noong Agosto, 1953:

"Kami'y sa sapa sumasalok ng inumin. Maging sa kabayanan ng Kandaba'y walang mga kaluwagan sa tubig... Nguni't kung tag-ulan, ang aming baryo'y binabaha. Kung minsan ay lumulubog pati talahib. May dike rito na nakaugnay sa isang bayan ng Pampangga, subali't sa pamamagitan ng dikeng iyon ay dito natutungo ang kalabisang tubig sa ibang dako."

Nilunasan ni RM ang suliraning iyon.

Sa magkasanib na pagtutulungan ng **Foreign Operations Administration** (FOA), **Philippine Council for United States Aid** (PHILCUSA) at Kagawaran ng mga Gawaing-Bayan ay napasinayaan noong Agosto, 1954 ang ₱80,000 patubig sa Pampangga.

Ang irigasyon na nakatutustos sa 1,000 hanggang 3,000 ektaryang kabukiran ay pinakikinabangan ng mga magsasaka sa labin-dalawang nayon sa mga bayan ng Kandaba, Santa Ana, at Maxico.

At nang magtungo roon si RM, kasama sina Harry Brenn, puno ng tanggapan ng FAO sa Maynila, at Komandante Robert M. Cannon, naging puno ng **Joint United States Military Advisory Group** (JUSMAG), ay ipinagbunyi siya ng libu-libong mamamayan sa pangunguna nina Gobernador Rafael Lazatin at Alkalde Anastacio Gallardo ng Kandaba.

Kaugnay ng palatuntunan ng pamahalaan sa pagpapaunlad sa mga nayon, pinakilos ni RM ang Kagawaran ng mga Gawaing-Bayan sa pagtatayo ng mga patubig sa ibang lalawigan. Nais niyang mapalaki ang ani ng mga magsasaka upang malunasan ang panalat.

Maging ang mga pinunong pampurok na kusang dumulog sa Malakanyang at humingi ng mga kaluwagan sa patubig ay madaling pinaunlakan ni RM. Hindi siya nagpaumat-umat sa pagsasaalang-alang sa karaingan ng mga mamamayan.

Noong Agosto, 1954 ay hiniling kay RM ng mga pinuno ng Bigan, Ilokos Sur, sa pamamagitan ng isang kapasiyahang iniharap ni Alkalde Lorenzo Formoso, ang pagpapaunlad sa mga patubig, lansangan, pamatay-sunog, pamamahagi ng lupa at pagtatayo ng mga bahay-paaralan sa nayon.

Umuwi ang pangkat na taglay ang pangako ng "Kampeon ng Mahihirap" na pauunlarin ang mga kaluwagang pangkabuhayan hindi lamang sa Bigan kundi maging sa buong Ilokos Sur.

Ang ganitong pagmamalasakit ni RM sa kapakanan ng mga mamamayan ay napatunayan ng mga taga-Makantian, Porok, Pampangga nang dumanas-sila ng "matinding pagkatuyo" ng tubig dahil sa malawig na tag-init. Natuyo ang mga bagong balong hinukay nila... at nabigo maging ang kanilang mga pagnonobena.

Nakatawag ng pansin ni RM ang pangyayaring ito nang malathala sa isang malaganap na pahayagan. Kapagkarakang inatasan ni RM ang mga pinuno ng Unang Purok Militar ng Hukbong Sandatahan ng Pilipinas sa Kampo Olivas, San Fernando, Pampangga na tumulong sa mga taga-Makantian.

Sa pamamatnubay ni Kapitan Alfredo Trinidad, puno ng tanggapan sa mga suliraning pangmadla ng IMA, ay namahagi ng tubig sa nayon ang mga kawal.

Nang araw ding iyon ay ilang dalubhasa ng **National Waterworks and Sewerage Authority** (NAWASA), ang nagtungo sa Makantian, sa tagubilin ng "Kampeon ng Mahihirap".

(Dahil sa pagliligtas ni RM sa Makantian sa tiyak na pananalat, ipinagluksa niyon ang kanyang malagim na kamatayan sa Bundok Manung-

(*Sundan sa pah. 20*)




"Ang mga pinuno ng Lunsod ng Kabite ay nagbabalak magharap ng kahilingan upang mapabalik dito si George E. Roe, isang marinong dating nakahimpil sa Sangley Point, na ipinadala sa Estados Unidos ng hukbong-dagat ng Amerika samantalang may nabibimbing usapin laban sa kanya sa hukuman dito." (Hulyo 3)

*Ang kasong ito ni Roe, kungdi maaayos agad, ay maaaring makalikha pa ng gulo at alingasngas. Katunayan, apat na kilalang kabataang Pilipino na ang pinigil ng pulisya nang magpiket sila sa harap ng US Embassy noong Hulyo 2. At ano man ang kasapitan ng kasong ito ay walang ibang dapat sisihin kundi ang kinauukulang makasasagot nito:*

*Bakit nakauwi si Roe nang di pa natatapos ang kanyang usapin dito?*

*Kapag walang sumagot nang tiyak sa tanong na iyan sa lalong madaling panahon, magagaya sa ibang kaso ang usaping Roe — nabu-Roe! Umasim... hanggang sa nabulok!*

"Binalaan kahapon (Hulyo 2) ng Lupon ng mga Direktor ng NARIC ang nagtatago ng bigas na ipagbili na nila ang mga yaon, kaugnay ng pasiya ng korporasyon na umangkat sa lalong madaling panahon ng 40,000 toneladang metrika ng bigas upang ipamahagi sa mga buwan ng pagsasalat."


*Sa palagay namin ay mahina ang pagbabala ng Lupon ng NARIC para sa bagay na ito. Pasalakab. Dapat makilala nang tiyak ang mga nangiimpit na ito. Paano kung ang darating na bigas ay impitin din?*

"Isang tin-edyer na walang trabaho ang pinigil ng pulisya ng Lunsod Quezon ngayon dahil sa pagsusuot niya ng uniporme ng isang *major* ng *Philippine Air Force.*" (Hulyo 2)

*Medyor ng mga istambay?*

"Lumikha ng kagusutan kahapon ang pagsasakatuparan ng bagong limang-araw-sa-sanlinggong alituntunin sa paggawa para sa mga empleado ng gobyerno. Ang batas na ito'y isinakatuparan kahapon, unang araw ng Hulyo."

*Marami ang dumaraing sa bagong batas na ito sa paggawa. Bunga nito ay maaaring susugan ang nasabing batas. Ang hirap nito, kakaunti na ang panahong maiuukol ng mga tagapagbatas natin sa pagsasaayos kung susugan man ang batas na ito. Sa pagbabalitaktakan lamang ay kulang pa ang limang-araw-sa-sanlinggo para sa kanila. Sa kampanya pa? Sa tulog pa? —GRF*

Piliin ang Mataas na Uri

**RED SHELL**

**BRAND**

DE HILO MEN'S WEAR



MABIBILI SA LAHAT NG PANGUNAHING BAZAR AT TINDAHAN

Mag-ingat sa mga huwad! Tingin ang tunay at tiyaking abasa ito — "Reg. Phil. Pat. Off. No. 4163" sa balutan.

Ang larawan sa ibaba ay kuha sa isang pataniman ng mga tabakong *Virginia* sa Kailokohan. Mapapansin ang magaganda at malalaking dahon ng tabako na nasa panahon na upang anihin.



*Isa pang maunlad na taniman ng tabako. Ang mayari ng patanimang ito ay makaaasa sa malaking kita pag inani nang lahat ang "mga bunga ng kanyang pagpapagod."*





*Ang mga tanim na tabako ay inaalagaan sa dilig ng mga kinakailangang panlinis at pamuksa ng mga insekto upang maging malusog ang mga dahon.*

# ANG MGA ILOKANO... AT ANG TABAKONG "VIRGINIA"


ANG mga Ilokano ay balita sa kasipagan. Bihira sa kanila ang walang gawain kung kaya masagana ang kanilang pamumuhay. Ang kasipagan nilang ito ay pinatutunayan ng masagana nilang ani.

Higit kaysa sa ibang pananim ng mga Ilokano, ang tabako ay siyang pinagkakakitaan nila nang malaki. Sa kasalukuyan ay ang pagtatanim ng mga tabakong *Virginia* ang pangunang hanapbuhay sa Kailokohan. Maraming Ilokano ang nagtatanim ng tabakong *Virginia* maging sa paligid ng kanilang tahanan. Ang inaaning tabako ay hinahakot ng kariton at ipinagbibili nang por-kilo.

Hindi matatanda lamang ang tumutulong sa pagtatanim ng tabako. Ang mga batang



*Masasayang patungo ang tatlong ito sa kanilang taniman ng tabako upang umani ng mga dahong madadala sa pamilihan.*



*Wari'y ipinagpaparangalan ng dalaga ang mababangong ta- bakong "Virginia" na inani sa matabang pataniman.*





*Ang nasa itaas ay mga dahon-tabakong naka- handa na upang dalhin sa pamilihan. Mapa- pansing tuyung-tuyo ang mga dahon na isa, sa mga katangian ng may mataas na uring tabako.*

*Ito ang tila hurnong imbakan ng mga tuyo nang dahon ng tabako. Dito higit na napabu- buti ang uri at lasa ng mga tabakong ito na di na pahuhuli sa mga tabakong buhat sa ibang bansa.*•

nasa unang baytang pa lamang ng primarya ay tumutulong na rin sa kanilang mga magulang sa pagtatanim at pag-aalaga ng tabako. Ito ang isang dahilan kung kaya umunlad ang industriya ng tabako sa Kailokohan.


Marami ang umaasang darating ang araw na ang mga tabakong ito ay magiging kasinguri na ng mga tabakong *Virginia* na inaani sa ibang bansa.


Kamakailan ay nagdaos ng isang pista sa nayon ng Sta. Lucia alang-alang sa mabuting ani sa taong ito. Si Rosalina Martinez (ang nasa pabalat ngayon) ay siyang nahirang na "Miss Virginia Tobacco Leaf". Si Rosalina ay anak nina G. at Gng. Lorenzo Martinez.


**—Mga larawan: Marcial Valenzuela**



*Por-kilo kung ipagbili ng mga Ilokano ang inaani nilang ta- bako. Sa paraang ito'y walang lamangan at naiiwasan ang marami pang usapan at tawaran.*







## ESKABETSENG LAPU-LAPU

**Mga sangkap:**

1 lapu-lapu (katamtamang laki)
2 sibuyas
bawang
kapirasong luya
1 kutsarang toyo
2 karot
2 siling pula
1 kutsarang cornstarch
1 kutsarang asin
1 kutsarang asukal

# ★ MGA PAGKAIN NATIN


**Paraan ng pagluluto:**

Linisin ang isda at asnan. Itabi nang mga 30 minuto, saka ipirito. Hiwa-hiwain naman nang manipis at pahaba ang lahat ng rekado (karot, sibuyas, luya, bawang, at sili).

Timplahin ang asin, suka, asukal, at toyo sa tubig ayon sa ibig na lasa. Pagkatapos ay dagdagan ng kalahating tasang tubig.

Igisa sa mantika ang bawang at luya saka isunod ang sibuyas, karot, at sili. Kung gisa na ang nasa kawali ay saka ibuhos ang tinimplang suka. **(Huwag hahaluin upang hindi lubhang umasim ang sarsa.)** Kung kulung-kulo na ay isalin ang **cornstarch** na tinunaw sa kaunting tubig. Hanguin. Ilayo sa isang bandehado tulad ng makikita sa larawan.

**(Padala ni Pacita R. Mariano)**



## MANOK NA MAY PINYA

**Mga sangkap:**

1 manok (katamtamang laki)
1 sibuyas
dahon ng laurel
1 latang pinya
5 butil na bawang
½ tasang suka

Gawin ang manok at tilarin ayon sa ibig na laki.

Pakuluan sa suka, bawang, asin at dahon ng laurel hanggang sa lumambot. Kung malambot na ay alisin ang sabaw at haluan ng kaunting mantika upang masang kutsang maluti. Alisin sa kawali pagkatapos.

Igisa ang bawang at ang tinadtad na sibuyas sa mantika.

Ihalo ang manok. Hayaan nang mga ilang sandali at pagkaraa'y isama ang sabaw na inalis sa pagpapalambot ng manok. Hintaying maluto ang manok.

Bago hanguin ay lagyan ng tinunaw na gawgaw o "cornstarch".


Ipirito naman ang pinyang hiniwa-hiwa sa katamtamang laki.

Ihanay sa ibabaw ng ginisang manok kung ihahain na (ang magiging anyo ay tulad ng nasa larawan.) Maaaring lagyan ng isang bilog ng piniritong pinya at saka patungan ng hinugisang nilagang itlog ng manok.



# Kayo at ang inyong Sanggol

ni Dr. Fe del Mundo
Isinalin sa Tagalog
ni Paraluman S. Aspillera



## Mga Depormidad Ng Sanggol

### ANG MAHINANG PAGLAKI AT PAG-UNLAD NG BATA

Hindi lahat ng sanggol ay maaaring magkaparis-paris ng mga katangian bagama't magkakasinggulang. May mga nahuhuli sa iba sa pagngingipin nguni't nakakatayo namang higit na matatag. Maaari ring hindi pa nakalalakad sa ika-13 buwan nguni't may mga nakakatuwa nang nasasabi. Tandaan ninyong hindi panay ang pag-unlad ng mga kaalaman at kakayahan ng bata. May mga panahong ang kanyang paglaki ay lubhang mahina at natitigil pa kung minsan...

Bago natin ipalagay na ang ating sanggol ay mahinang lumaki, kailangang alamin muna nating lahat ang iba't ibang kakayahan at mga ugali niya, kailangang makita natin ang kanyang kaunlaran tungkol sa kalusugan ng katawan, pag-iisip, at kaugalian, bago tayo magpasiya o mag-alaala. Kung di man tayo nasisiyahan sa ating nakikita, maaaring kumunsulta tayo sa manggagamot ng isang klinika ng mga batang walang sakit.

### NAUUNTOL NA PAGGALAW

Simula sa kanyang unang buwan, ang mga kilos ng sanggol ay sunod sa dapat asahan sa ganitong gulang. Ang kaunlaran ng kanyang pagkilos ay makikita mula sa paggalaw ng kanyang ulo hanggang sa paggamit niya ng mga paa. Sa unang buwan, naitataas na niya ang kanyang ulo; sa ikalawa, ang kanyang dibdib ay naitataas na rin. Sa ikatlong buwan, nakakatagilid na hanggang sa makadapa sa ikaapat na buwan. Sa ikalima, ang sanggol ay nagsisimula nang gumapang. Sa ikaanim, maaari na siyang magsimula sa pag-upo, hanggang tuluyan nang makaupo nang walang katulong sa ikapitong buwan. Simula sa ikasampung buwan, ang sanggol ay nakakatayo na bagama't kailangan pang tulungan, hanggang matuto na siyang lumakad na karaniwang nangyayari sa ika-13 buwan. Bagama't ito ang nasusunod na patakaran sa mga bata tungkol sa pagkilos, maaaring may mga maiba rito, nguni't kung ang pagkakauntol sa kaunlaran ay aabot sa mga 3 hanggang 4 na buwan, nangangailangan na ng pagtingin at pagsusuri ng isang manggagamot ang inyong bata.

Ang kahinaan ng buto ay maaaring dahil sa isang karamdaman, masamang pagkain, o kakulangan ng mga bitamina. Ang kahinaan ng isip ay maaaring galing sa isang kapahamakan o masamang panganganak na siyang nagiging dahilan ng di pag-upo o paglakad. Ang nauuntol na paglaki ay maaari namang dahil sa mga depekto ng kulani (glands).

### Nauuntol na Pagsasalita

Sa ika-10 buwan ng sanggol, ito ay maaari nang maringgan ng ilang salita na sa parami na nang parami habang siya ay nagiging 1 hanggang 2 taon. Nguni't may mga batang hindi pa makapagsalita gayong may 2 taon na. Ito ay maaaring nahuhuli lamang at makaaabot din sa kakayahan ng kanyang mga kasintanda. Kung hindi pa rin makapagsalita sa kanyang ikalawang taon, kailangang ipaalam na ito sa manggagamot o lalong mabuti sa isang sikolohista (psychologist).

Ang pagkakauntol sa pagsasalita ay nanggagaling kung minsan sa kabingihan. Maaari rin namang magbuhat sa napakamaintindihing ina na lagi na lamang nakahanda sa lahat ng kailangan ng anak, kaya't ito naman ay hindi na nagkukusang magpahayag ng kanyang gusto. Nauuntol din ang pagsasalita ng bata kung siya'y naguguluhan sa maraming wikang naririnig na ginagamit ng mga kasama sa bahay. Pambihira, kung sa bagay, na maging dahilan ang mga sakit sa utak, lalo na sa bahagi nitong may kinalaman sa pagsasalita, o sa isang sakuna sa panganganak na ang ulo ang nasaktan.

Mayroon ding mga depekto sa bibig na maaaring maging dahilan ng hindi pagsasalita kaagad. Kung sa bagay, ang tinatawag nating "pamimilipit ng dila" ay hindi isang dahilan ng pagkakauntol sa pagsasalita. Mayroon ding mga biyak ang nguso na nakapagsasalita bagaman at hindi lubhang maliwanag. Ang ibang batang nagsimula nang magsalita ay natitigil pa rin lalo na't natututong lumakad o kumain nang mag-isa na siyang nakakahumalingang kadalasan. Kung ang sakit sa utak, gaya ng "encephalitis" o pamamaga, ay makapinsala sa bahaging nauukol sa gawaing ito, ang pagsasalita ay tuluyang nawawala.

### Nauuntol na Pagngingipin

Kapag ang sanggol ay mayroon nang 6 na buwan, inaasahan ng mga magulang na siya ay tutubuan na ng ngipin. Nguni't may mga sanggol na sa unang taon o sa ika-13 buwan lamang nagsisimula ng pagkakaroon ng ngipin. Kung siya ay malusog at masigla, walang sukat alalahanin sa pagkakauntol na ito. Maaaring mahuli, nguni't paglabas naman ay sunud-sunod.

Ang nauuntol na pagngingipin ay maaaring dahil sa hindi wastong pagkaing naibibigay, mga sakit ng bata at kakulangan ng mga bitamina. Ang inyong manggagamot ay

(*Sundan sa pah. 31*)

## Mga Payo Ukol Sa Iba't Ibang Pagkakataon

Hindi ako napapansin ng *waiter* sa restauran, ano ba ang tumpak na paraan ng pagtawag sa kanya?

*Hintayin mong tumingin sa iyo at pagdaka'y itaas nang bahagya ang isa mong kamay. Kung sakaling siya naman ay abalang-abala, tawagin siya ng ganito: "waiter!" o "waitress!" (huwag sisigaw upang maiwasan ang basag-ulo.)*

Nais kong tanggihan ang paanyaya ng aking matalik na kaibigan. Paano ko kaya masasabi sa kanya ang gayon nang hindi masasaktan ang kanyang damdamin?

*Magbigay ka ng isang makatuwiran at kapanipaniwalang dahilan upang maiwasan ang pagsama ng kanyang loob sa iyo.*

*Sabihin agad sa kaibigan mo habang may panahon upang magkaroon naman siya ng pagkakataong makapag-anyaya ng makakapalit mo.*

Natulog ako, isang gabi, sa bahay ng isang kakilala. Naayon ba sa wastong asal kung iligpit ko, kinabukasan, ang aking ginamit sa pagtulog nang gabing iyon?

*Ang nararapat gawin sa mga gayong pagkakataon ay itanong sa kaibigan mo ang ganito: "Saan ko ba ilalagay ang mga ito... dito na rin ba o sa taguan?" Mababatid mo sa kanyang sagot ang nais niyang mangyari, samakatuwid, maiiwasan mo ang pagkapalagay sa alanganin.*

Isang bagay lamang ang hindi ko naiibigan sa aking matalik na kaibigan at iyon ay ang kanyang pagganti sa tuwina sa lahat ng bagay na ibinibigay ko sa kanya, at ang kataka-taka pa ay hindi siya nagpapalipas ng maraming araw sa pagpapadala ng kapalit na alaala. Ano ang masasabi ninyo tungkol dito?

*Ang ano mang bagay na ibinigay ng isang kaibigan kailanman ay hindi nararapat na palitan o gantihan... sapagka't mawawala ang pagpapahalaga ng isang nagbibigay, sampu ng kaligayahan sa pagcalala sa binigyan. Matutulad sa isang negosyo ang pagganti niya sapagka't ang isang kalakal ay naghihintay na talaga ng katumbas na kapalit sa tuwina.*


Ano ang magiging batayan ko sa pagbibigay ng "tip"?

*Kung makakayanan mo ang pagbibigay ng malaking halaga ay mabuti... Ang kapasyahan ay nasasa iyong sarili sapagka't ikaw ang nakakaalam kung ang paglilingkod ay masama o mabuti... Huwag lamang kalilimutan ang pagsasabi ng* salamat *sapagka't ito ang magiging tanda ng iyong pagkilala 'sa kanyang mabuting paglilingkod.*

Anu-ano ba ang tungkulin ng isang *best man* o abay na lalaki?

a. *ang pagpapaalaala sa lalaki ng pagtungo sa simbahan sa takdang oras...*
b. *ang pagmamatyag sa singsing (kung kailan ito kakailanganin) at ang pagbabayad ng mga tungkulin.*
k. *ang paglagda sa kasunduan (kailangang magsabay sila ng kanyang kapareha (abay na babae o* maid of honor*).*
d. *siya ang nagiging gabay ng lahat ng mga kasama sa seremonya sa pagtungo sa bahay na pagdarausan ng handaan.*
e. *tungkulin din ng* best man *ang mamahala sa paglalagay sa sasakyan ng lahat ng mga dala-dalahan ng mga ikinasal sa pulot-gata...*

HINDI NATUTUNAWAN?
PANGINGINIT NG DIBDIB?
KABAG?




UKOL SA KAGYAT NA LUNAS
HINGIN ANG MGA TABLETANG PHILLIPS'

Sa tuwing kayo'y mapapalabis ng pagkain, ito'y tandaan.... Hindi ninyo batid kung kailan kayo'y susumpungin ng pangangasim ng sikmura, pag-iinit ng dibdib o di pagkatunaw ng kinain. Kaya laging magdala ng panglukbutang lata ng mga tabletang Phillips Milk of Magnesia. Sa ganyang paraan...Kayo'y laging handa sa dagliang ginhawa maging kailan kayo'y sumpungin ng nabanggit na karamdaman. Ang mga tabletang Phillips Milk of Magnesia na kaayaaya't masarap ang lasang tulad ng kendi, ay nasasangkapan ng pinakamabilis at pinakamabisang minatamis na sangkap na kagyat nagpapaginhawa sa pangangasim ng sikmura at di matunawan.


Latang may 30 Tabletas ... ₱0.65
Boteng may 75 Tabletas ... 1.30
Boteng may 200 Tabletas ... 2.80

TABLETANG PHILLIPS' MILK OF MAGNESIA

Each tablet contains Magnesium Hydroxide 309 gm. 12-17


Tangkilikin ang Anunsiyante ng BAGONG BUHAY!

# *Mga Damit Na Panlakad*



Tawang mga damit na pandalaga ang makikita ngayon sa pitak na ito. Natatabas sa iba't ibang paraan ang mga pada't blusa. Maging tag-ulan o tag-init man ang mga yaring ito ay maaaring magamit.


Hindi kayo magkakagasta nang malaki sa pagsunod sa mga tabas na ito sapagka't butones at rick-rack lamang ang ginamit na palamuti, at kadalasan, ang ikinagaganda ng mga damit ay nasa pagiging simple at nasa taong nagsusuot.



# KASUOTANG

# Panlamig





Ang makipot na paldang itim at blusang may murang kulay (itaas) ay tinernuhan ng isang *sweater* na itim. Pinalamutihan ng puntas na puti ang leeg patuloy sa ibaba at gayon din naman ang gilid ng punyos o lupi ng panlamig.

Ang nasa gawing kanan naman ay isang mahabang torerong itim at ang pang-itaas ay isang panlamig na bagay na bagay isuot sa tag-ulan. Maaaring gumamit ng kahit na anong makapal na tela para sa damit na panlamig na binabalak ninyong ipatahi o yariin.

*Pakikipanayam (Daw)*
*ni Mario Nieves*

WALA NA ang "gilas" ni Ingkong Didoy. Salamat na lamang. At kung nagkatao'y... (gigil na gigil si Ingkong Didoy.) Kung nabatid lamang niyang daig pa ng tunay na giyera ang pagpunta sa Luneta kung ganoong Araw ng Kalayaan, hindi na sana niya tinangka man lamang manood ng parada.

Nang maranasan niya ang mga hirap at kaguluhan ng pakikipagdiwang kung a-kuwatro de Hulyo, pinagsisihan niya ang kanyang pagkakaligtas noong panahon ng rebulsyon. Kung noon ngang panahon ng rebulusyon, sana'y punlo lamang ang kanyang tinanggap. Sa Luneta ay iba: mga tadyak, sipa, kutos, sabunot, batok.

Ayon sa kanya, marami na siyang pinagdaanan; nguni't ang natatangi niyang mga karanasan ay ang sumusunod (ang panayam na ito'y noon pang isang taon ginanap, nguni't ngayon lamang inilathala dahil sa kaselangan ng mga bagay na binabanggit):

**T. Ano pa po ang nangyari?**
S. Bakit ano pa, wala pa akong nasasabi, a.
**T. Siyenga po pala. E, paano po nagsimula ang trahedya?**
S. Ayaw ko nang gunitain! (Hinagpis)
**T. Sige na po... paano lang, e?**
S. Bueno, nabalitaan kong araw daw ng kalayaan ngayong a-kuwatro de Hulyo.
**T. Lahat po ay nakaaalam niyan, a?**
S. Wala na akong pakialam sa iba. Sa ngayon ko lang nalaman_c. At kung nalaman ko ring ganyan pala ang mga kabataan ngayon... Naku, magkagiyera sana uli!
**T. Bakit po ba?**



# Beterano: "Ang A-kuwatro De Hulyo Ay Araw Ng Mga Pilyo"

S. Akalain mong pagkatapos akong sunugin ng araw sa init ay paliguan ako ng tadyak at sipa ng mga diyaski. At hindi lamang iyan. Isinalya pa ako nang isinalya kaya kamuntik na akong mahulog sa isang kanal!
**T. Bakit n'yo ba naman ginustong pumarito?**
S. Iho, isa ako sa mga nagsakit upang makapagtamo tayo ng kalayaan. Magkasama kami ni Bony nang sumigaw sa Balintawak... saka ngayon, ngayong malaman kong ipinagdiriwang pala ang araw ng paglaya at ako'y naparito ay ganganituhin pa nila ako.
**T. Bakit hindi po kayo napasama sa inyong anak, o apo kaya, sa pagparito?**
S. Baka hindi mo alam ang gastos sa pamasahe buhat sa prubinsiya hanggang dito. At saka isa pa, hindi ko inaakalang gaganunin ako ng mga tin-edyer.
**T. Talaga po bang nahirapan kayo nang husto?**
S. Hindi mo ba nakikita ang pawis kong ito?
**T. Akala ko po'y naligo kayo sa dagat. Bakit po ganyan kayo kabasa?**
S. Dahil sa pagsiksik sa akin ng mga damuho. Hindi ko malaman ang susulingan ko kangina. Panay ang tulak sa akin sa likod, barandal naman nang barandal ang nasa unahan ko.
**T. At pinagpawisan na po kayo nang ganyan?**
S. Hindi lamang 'yan. Baka akalain mo ang hapdi ng kalyo ko nang tapakan ng isang tin-edyer. At nang sipain ng isa ang aking kasukasuan. Heto, hindi na ako makaunat ngayon.
**T. Nakita po ba ninyo ang parada?**
S. Paano ko makikita ang parada e nasa likuran ako.
**T. Bakit hindi po kayo dumako sa tabing kalsada?**
S. Sino ba ang may sabi sa iyong hindi ako tumabi sa kalsada? Unang-una pa nga ako roon. Alam mo ang ginawa ng mga diyaski? Itanong mo sa akin.
**T. Ano po?**
S. Itinulak ako sa gitna ng kalsada. Bale ba, may kasama pang pagbatok at pagkutos ang pagtulak sa akin. Kunwari pa raw ay hindi sinasadya. Pero talagang kitang-kita kong ginagawa. Talagang...!
**T. Ano po ang nangyari?**
S. Nang mapagitna ako sa kalsada ay lumapit naman ang ilang em-dye-pi (MJP). Palibhasa'y mga tin-edyer din, kinagalitan pa ako at ibinalik sa mga nasa tabi ng kalsada.
**T. Ibinalik naman pala kayo, e, ano pa ang problema ninyo?**
S. Hindi mo naisip ang magiging resulta niyon. Muli nila akong kukutusan, babatukan at itutulak.
**T. Ginawa naman po ba nila?**
S. Hindi na. Mabuti na lang at kinuha ako ng mga boy iskawt. Sinamahan nila ako sa hindi gaanong matao... sa likuran nga.
**T. Napanood po ba ninyo ang parada roon?**
S. Sa may damuhan ako dinala, e di hindi ko rin nakita.
**T. E, Ano po ang nakita ninyo?**
S. Wala, 'yun lang mga karosa. At kasabay ng pagdaraan ng magagandang sakay ng karosa ay narinig ko ang mga sipulan ng mga pilyong kabataan.
**T. Mga karosa lang po ba ang nakita ninyo?**
S. Mayroon pa... sa damuhan. May nakita akong magkakaparehang babae't lalaking tin-edyer. Ang iba'y naglalakad nang magkahawak, ang iba'y nakaupo at nagkukuwentuhan.
**T. Bakit po ganoon?**
S. Sa palagay nila marahil ay pasyalan ang Luneta kahit a-kuwatro de Hulyo. O kaya'y noon lamang sila nakahingi ng pahintulot sa mga magulang sa dahilang manonood din sila ng pagdiriwang.
**T. Doon po ba sa may damuhan ninyo inubos ang inyong oras?**
S. Oo, at doon din ako nagpasasa sa init ng araw.
**T. Wala na pong ibang naganap doon?**
S. Aba. Siyenga pala: di kumain ako ng buko sa isang babaing nagtitinda. Nang mausisa ko ang aking bulsa ay natuklasan kong may nakabitbit pala ng kalupi ko. Palibhasa'y tin-edyer din ang tindera, sinabunutan ako nang hindi ko mabayaran ang buko. Tingnan mo ang ilan kong buhok ... putul-putol.
**E. E, buweno, paalam na po't baka uuwi na kayo?**
S. Oo, madilim na e. Ayyy! Siyenga pala. Paano ako makababalik sa prubinsiya? Wala na nga pala akong pamasahe. Naku, magbabayad sa akin ang mga tin-edyer na 'yan... maging bata lamang ako... maging bata lamang ako!

# Katherine Dunham:

# ANG MANANAYAW

*Pakikipanayam ni Ma. Salome Tonsay*

(Unang Bahagi)

KATULAD ng isang mandirigma, si Katherine Dunham ay naglilibot sa daigdig upang gumawa ng mga "pananakop", at siya'y hindi nabigo. Nguni't ang "pananakop" niyang ito ay kakaiba sapagka't puso at paghanga ng mga mamamayan ang kanyang hinahangad at hindi mga lupain. At ang lalong katangi-tangi sa kanyang pananakop ay hindi sandata ang kanyang ginagamit kundi ang kanyang kaalaman sa isang uri ng sining — ang pagsasayaw.

Ang kadalubhasaan ni Katherine sa larangang ito ay pinatutunayan ng kanyang paghubog at pagkakapagturo sa maraming kilalang mananayaw at mga bituing may malalaking pangalan sa larangan ng pelikula. Kabilang dito sina Marlon Brando, Jose Ferrer, Eartha Kitt at iba pa. Itong huli ay natutong magpatugtog ng 'bongo' mula sa kanyang paaralan. Sinimulan niyang hinubog ang katalinuhan nito noong may 15 taon pa lamang, at ngayon ay umaani ng maraming tagumpay sa mga pelikulang nilalabasan.

Bukod sa mga katangiang nabanggit, si Katherine ay may sariling pangalan din sa Hollywood. Makailang ulit na siyang itinampok na mananayaw sa mga pelikulang Amerikano. Ilan dito ay ang "Stormy Weather", "The Casbah," at ang "Mambo". Sa "Mambo" ay siya ang namahala sa mga bilang na sayaw hanggang sa siya rin ang sumunay kay Silvana Mangano bilang isang "choreographer" o tagapagturo sa mga sayaw na itinanghal nito sa nasabing pelikula.

Sa ngayon, ang pinagdadalubhasaan ni Katherine ay ang nauusong "Calypso" na iniangkop niya sa kanyang "kaalamang pandaigdig."

Sapagka't isang dalubhasa si Katherine sa sining ng sayaw, ang ano mang paksa ukol sa pagsasayaw ay ganap niyang nailalarawan.

Maraming bansa na ang narating ni Katherine. Sa bawa't bansang panggalingan niya ay pinag-aaralan niya ang mga katutubong sayaw, kaya't angkop sa kanya ang salitang "kaalamang pandaigdig". Marami ang ayaw maniwala na si Katherine ay marunong ng "classical ballet" subali't ito'y pinatotohanan niya sa mga kumapanayam sa kanya. Gayunman, sinabi niyang ang "classical balet" ay hindi na niya sinasayaw sapagka't sa kanyang paniwala ay hindi nailalarawang ganap ang damdaming ibig ipadama ng mga agting ng nota at himig ng tugtugin.

Nang tanungin siya hinggil sa mga sayaw na tinaguriang "sexy", sinabi niyang hindi maiiwasang di maging "sexy" ang pagsasayaw kung talagang nais ipadama ang damdaming ipinahihiwatig ng isang himig.

Pabirong tinanong namin si Katherine kung ang pagiging "sexy" ng kanilang sayaw ay maaaring ihambing sa pamamaraan ni Chelo Alonzo o ang lalong kilala sa taguring "Margo, the Z-Bomb".

Bahagyang napatawa si Katherine bago siya sumagot: "Ang tutoo," aniya, "ay malayo ang agwat ng aming pamamaraan ni Z-Bomb sapagka't ang sa kanya ay nagiging "sexy" sa pamamagitan ng pag-aalis ng damit, samantalang itong sa amin ay nababalot ng kasuotan. Halimbawa, kung ang itatanghal ay katutubong sayaw ng mga bumbay, ang damit ng mga mananayaw namin ay ang kasuotan sa Indiya."

Bilang isang mananayaw ay iyan ang mahahalagang bagay na nalaman namin mula kay Katherine Dunham. Nguni't hindi magiging ganap ang paglalahad ng kanyang kasaysayan kung hindi mababanggit kung saan at paano siya nagsimula at kung paano siya nakarating sa tugatog ng kanyang pagtatagumpay.

*Masayang-masaya si Bb. Dunham nang tanggapin niya ang isang malaking pumpon ng mga bulaklak sa likod ng tanghalan matapos ang isang matagumpay niyang pagtatanghal sa Broadway, E.U.*



Si Katherine ay kumita ng unang liwanag sa Joliet, Ilinois, Estados Unidos. Ang kanyang ina ay may dugong Pranses at isang guro. Samantala, ang kanyang ama ay may dugong Negro.

Mula sa pagkabata ay kinamalasan na ng katangi-tanging katalinuhan si Katherine sa paaralan, nguni't lalo na sa sining ng pagsasayaw. At dahil sa maunawain ang kanyang mga magulang ay hindi siya hinadlangan sa kanyang hilig.

May mababanggit na pangyayari upang si Katherine ay hindi malimot ng mga taong nakakakilala sa kanya sa kanilang pook. Noon ay wawalong taon pa lamang siya, nang mangailangan ng salaping gugulin ang kanilang simbahang kinaaaniban. Mahina ang paglikom ng salapi ng simbahan kaya't ang kanilang proyekto ay hindi maipagpatuloy. At itong si Katherine ay nagsa-bayaning nagtayo ng tinatawag na "cabaret party" at dito ay sumayaw siya hanggang sa lumakas ang kolekta at matapos ang kanilang ipinagagawa.

Ang pangyayaring iyon ay isang tanda lamang ng kanyang maunlad na kaisipan, na nagpatuloy habang siya'y lumalaki, hanggang sa maglakbay siya sa iba't ibang bansa. Siya ay nasa Hongkong ngayon buhat sa Singgapur. Hindi magtatagal at siya ay patutungo sa Malaya at Burma at sa ilang bansa sa Dulong Silangan, bilang bahagi ng kanyang "pananakop". Ang Pilipinas ay isa sa mga bansang "sasakupin" niya sa mga nalalapit na araw, maaaring sa mga magtatapos ng buwan ng Agosto. Ito ay ipinahayag niya nang siya'y dumalaw rito kamakailan.


Ang biglaang pagdalaw rito ni Katherine ay hindi nakatakda sapagka't siya at ang kanyang pangkat ng mga mananayaw ay patungong Singgapur buhat sa Australya, upang doon naman magtanghal.

Ang unang naging sanhi ng biglaan at di inaakalang pagparito ni Katherine ay upang gumawa ng mga pakikipagtalastasan hinggil sa kanyang balak na pagtatanghal dito, at ang napili niya ay ang Manila Grand Opera House. Ikalawa, naghahanap din siya ng mga sariling mananayaw natin upang ipagsama niya sa kanyang pangkat, at ikatlo ay sa hangad niyang mag-aral ng mga katutubong sayaw ng mga Pilipino.

(Sundan sa pah. 20)



*Si Katherine Dunham ay makikita sa dakong gitna (ikaapat sa kaliwa) na kasama nina Don Toribio Teodoro, G. at Gng. Dayrit ng "Opera House" at G. Sid Yaptinchay.*



# PAANO MAPAGKIKILALA ANG TAPAT NA PAG-IBIG?

***ni GENOVEVA C. ASUNCION***

ISANG BINATA ang lumiham sa isang dalaga. Anang liham ng binata: "Mahal ko, pinakaiibig kita nang higit sa aking buhay. Upang patunayan sa iyo ang katapatan ng aking pag-ibig ay nakahanda akong hamakin ang lahat — ang malakas na unos, ang naglalakihang alon sa dagat, at maging ang kamatayan, mapasa akin ka lamang."

Sa hulihan ng liham ay inihabol ng binata: "Dadalaw ako sa inyo mamayang gabi kapag hindi umulan."

Sinagot ng dalaga ang liham. Anang bahagi ng kanyang liham: "Salamat sa binabalak mong pagdalaw. Nguni't mabuti pa yata ay huwag mo nang ituloy at baka ka lamang abutan ng ulan. Higit na mahirap ang makipaglaban sa ulan kaysa malalakas na unos o naglalakihang alon sa dagat."

Isa namang dalaga ang hinimok ng binatang makisama muna sa kanya nang isang taon bago sila ikasal. Sumang-ayon ang dalaga. Mula noon ay hindi na ito sinipot ng binata. Sa kabilang dako ay isang binata ang pinakiusapan ng kanyang kasintahan na putulin na ang pagsusugal at pag-inum-inom ng alak. Nangako ang binata, nguni't hindi naman nito tinupad. Humingi ng pakikipagkalas ang dalaga at naghiwalay ng landas ang dalawa.

Ang mga ito ay halimbawa lamang ng mga pangyayaring nag-iiwan sa ating isipan ng isang katanungan. Paano makikilala ang tapat na pag-ibig?

Higit kangino man, ang katanungang ito ay nagiging palaisipan sa ating mga kabataan, lalo na yaong mga ipinanganak, wika nga, sa panahon ng atomika.

Kaiba noong mga nangakaraang panahon, ang galaw, pag-inog, at pagpapalit-palit ng mga bagay-bagay sa kasalukuyan ay totoong napakabilis. Kasimbilis na yata ng mga aeroplanong jet na pumapaimbulog sa himpapawid. Ang kinagigiliwang sayaw o tugtugin ngayon ay pinagkikibitan na lamang ng balikat pagkaraan ng ilang araw. Sa bawa't pagpapalit ng moda sa pananamit, maging sa lalaki o sa babae, ay may kapirasong telang nababawas. Nakapangangamba tuloy na baka bumalik tayo sa panahon ng ating mga ninunong sina Eba at Adan. Maging sa pabilisan ng pagpapatakbo ng sasakyan ay nagpapaligsahan na rin ang ating mga tsuper. Kaiba nga lamang kung magpasiya ang huradong si Kamatayan. Ang pinakamabilis magmaneho ay siyang pinapagwawagi at binibigyan ng gantimpalang kapirasong lupa sa sementeryo.

Ang pag-ibig, sa kabilang dako, ay hindi rin naman napaiiwan sa mabilis na pag-inog ng daigdig. Ang pag-ibig sa kasalukuyan ay tila isang uri ng sayaw na sumasabay lamang sa kung ano ang tugtog. Sapagka't natapat sa tiyempong napakabilis ng tugtog, ang pag-ibig, kung baga sa sayaw, ay nakiindak na rin ayon sa bilis ng tugtog. Kaya naman karaniwan nang nangyayari ngayon na matapos mag-ibigan at makasal ang isang magsing-irog ay dumarating ang panahon na kanilang kinababagutan ang pakikisama sa isa't isa hanggang sa ito'y humantong sa lubusan nilang paghihiwalay.

Kung mauunawaan lamang ng ating mga kabataan na ang batas ng pag-ibig kailanman ay hindi maaaring ihalintulad sa mga batas ng agham na maaaring baguhin ayon sa pagsulong ng pananaliksik na ginagawa ng ating mga siyentipiko, ay hindi marahil sasapit sa kanilang buhay ang malulungkot na karanasan sa pag-ibig na sinunod nila ayon sa takbo ng makabagong panahon.

Ang batas ng pag-ibig ay katulad din ng batas ng Diyos na hindi maaaring baguhin ng kahit sino. Sapagka't batas na dapat sundin, ang sinumang lumabag ay tatanggap ng kaukulang parusa.

Anu-ano ang mga batas na ito ng pag-ibig? Ang mga ito ay walang iba kundi ang mga matuwid na bagay na dapat lamang mangyari sa panahon ng pag-iibigan ng isang dalaga at isang binata. At ang kalamnan ng nasabing mga batas ng pag-ibig ay nakapaloob sa kasagutan sa malaking katanungan ng kabataan na kung paano makikilala ang tapat na pag-ibig.

Upang mabigyang kasiyahan ang kanilang isipang naghahanap ng kaunting liwanag tungkol sa bagay na ito ay narito ang ilang katunayang mapagkikilanlan kung tapat sa isa't isa ang dalawang nag-iibigan. Unahin muna nating tawagan ng pansin ang panig ng mga dalaga.

Una, hindi tapat ang pag-ibig ng isang binata kapag ito'y inihandog niya sa dalaga sa kahit saang pook na lamang. Ang pagtatapat ng pag-ibig ay tulad din ng pagdarasal na dapat ihanap ng angkop na pook na pag-uusalan. Ang angkop na pook na ito ay ang tahanan ng dalaga. Wala nang mahalay tingnan sa isang nag-iibigan kundi ang makita silang nag-uulayaw sa isang liblib na pook na nakatutulong tuloy upang magkasala ang mata at isipan ng sino mang sa kanila'y maaaring makakita.

Ikalawa, hindi tapat ang inihahandog na pag-ibig ng isang binata kapag sinimulan niya ito sa pamamagitan ng mga paanyaya sa gayo't ganitong pagtitipon, sa panonood ng sine, at sa iba pang lakarang sila lamang dalawa ang magkasama. Dapat isaalang-alang ng binata ang maaaring sabihin ng lipunan sa kanyang minamahal kapag ito'y nakitang sumama sa kanya nang nag-iisa sa isang pook lalo na sa alanganing oras ng gabi. Kung mahal niya ang kanyang nililigawan ay hindi niya maatim na mapagwikaan ito ng iba dahil lamang sa kanyang kapusukan.

Ikatlo, hindi tapat ang pag-ibig ng isang binata kapag ito'y idinaan niya sa pagbibigay ng mga mamahaling handog sa kanyang nilalangit. Ang labis na pagbibigay ng handog ay nangangahulugan lamang ng isang bagay — ang tumanggap naman ng kapalit sa dakong huli sa ayaw at sa gusto ng kanilang iniibig. Kapag ito ay naganap, ang uring ito ng pag-ibig na nababalatkayuan ng hangaring makapagsamantala ay hindi maasahang maghatid ng kaligayahan sa isang dalaga.

Ikaapat, hindi umiibig nang tapat ang isang binata kung siya'y nakikipagtipan sa higit sa isang dalaga. Ang isang taong nakikipaglaro sa pag-ibig ay naghahanap lamang ng libangan. Kapag ang pag-ibig ay ginawa lamang libangan, ay hindi ito maasahang maging pangmatagalan pagka't tadhana na ng kalikasan na ang bawa't tao ay magkaroon ng panghihinawa sa kalaunan sa anumang bagay na kanyang pinaglilibangan.

Ikalima, hindi wagas ang pag-ibig ng isang binata kung nais niyang gawing lihim sa sinuman ang pagiging magkatipan nila ng kanyang minamahal. Ito'y maaari lamang mangahulugang may batik siya sa katauhan na nais niyang ilihim sa kanyang katipan. Subali't kung siya'y gagawa ng paraan upang ang kanyang minamahal ay makilala ng kanyang mga magulang, mga kapatid, at ilang kamag-anak o kaibigan kaya ay mawawala ang pag-aalinlangan sa isipan ng kanyang katipan tungkol sa katapatan ng hangarin niya rito

Ikaanim, may hangaring magsamantala lamang ang isang binata kapag siya'y gumamit ng dahas o pagbabanta

*(Sundan sa pah. 17)*

Pangkabataan

# "ITO ANG AKING AKDA"

** **KABATAAN**: Ipadala sa pitak na ito ang "unang bunga ng inyong panitik" at... abangan. Kung "maaari" rin lamang ay tiyak na malalathala. Ang karampatang pabuya sa bawa't malathala ay masisingil ng may-akda sa tanggapan ng "Bagong Buhay", Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.

**Tandaan: buwag kukulangin sa kalahati (½) at huwag namang hihigit sa isa't kalahati (1½) ng karaniwang papel-makinilya ang haba ng bawa't akda, at makinilyado sa dalawang patlang (double space). Maaari ring sulat-kamay, kailanpama't maliwanag ang pagkakasulat at may malaki-laking patlang (space).**

**Ang bawa't akda ay kailangang lakipan ng kupong nasa ibaba. Maaaring magpadala ng kahit ilang akda kailanpama't ang bawa't isa ay may kasamang kupon, alalaong baga, kung dalawang akda ay dalawang kupon, at kung tatlong akda ay tatlo ring kupon. Ang akdang walang kalakip na kupon ay hindi isasaalang-alang.**

**Ipadala ang inyong akda, sa: Pitak ng "ITO ANG AKING AKDA", Magasin ng Bagong Buhay, Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila.**



## Dalawang Tagumpay

NAUULINIGAN ni Luis ang sigawan ng mga nanonood sa **Coliseum** samantalang siya'y nagtatali ng kanyang "**sneaker**." Lahat ng kanyang kasamahan ay masigla maliban sa kanya na tila mabigat ang dibdib. Alam ni Luis na siya ang tanging inaasahan ng kanilang koponan upang maging kampeon sa basketbol sa taong ito. Si Ramon, ang kanilang pangunahing manlalaro, ay napilayan nang nakaraang laban at siya ang gumawa noon ng mga puntos upang manalo ang kanilang koponan at magkaroon ng karapatang sumagupa sa kampeonato. Dahil nga sa kanya ay nagwagi sila at ngayo'y nakasalaylay ang tagumpay sa kanyang mga balikat.

Kahapon lamang ay nakausap niya si Helen. Si Helen ay matagal na niyang pinipintuho. Mahal na mahal niya ang dalaga.

—Sasagutin kita bukas, Luis, kung ipapatalo mo ang koponan ng inyong pamantasan sa koponan ng pamantasang aking pinag-aaralan. Nguni't kung hindi mo magagawa ay wala kang maaasahan sa akin, —ang huling nasabi ni Helen kay Luis kahapon.

Nasa gayon siyang pagmumuni-muni nang pukawin siya ng kanilang "coach".

—Ano ba, Luis, handa ka na ba?

—Medyo masama ang pakiramdam ko, "Coach"! —ang pagdadahilan ni Luis.

—E, di kung gayon, mamaya na kita ipapasok, ha? —ang sagot ng kanilang nababahalang "coach".

Yari na ang pasiya ni Luis. Magdadahilan siya hanggang sa matapos ang laro at tiyak na sila ang talo.

Natapos ang una, ikalawa, at nagsimula na ang ikatlong yugto nang humingi ng "time out" ang "coach" nina Luis. Lamang ng pitong puntos ang kanilang kalaban, at sa loob ng nakaraang panahon ng pagtutunggali ng dalawang koponan ay nasaksihan niya ang totohanan subali't bigong pagsisikap ng kanyang mga kasamahan. Siya'y isang malaking kakulangan sa kanilang koponan at tiyak na ang kanilang pagkatalo kung hindi siya papasok.

—**Coach**, maaari na ba akong pumasok? —ang matatag na wika ni Luis. Sa pagbabago ng pasiya ni Luis ay natitiyak niyang masasawi siya sa pag-ibig ni Helen, nguni't lalong hindi siya liligaya sa pag-ibig na nakamit lamang sa pamamagitan ng kasunduan.

Naging parang ipu-ipo si Luis sa bilis sa loob ng "court" at bihirang sumala ang bawa't pagbubuslo niya. Natapos ang labanan at sila ang nagwagi.

Nakangiti si Luis samantalang siya'y ipinagbubunyi, subali't lingid sa lahat na sa kabila ng ngiting iyon ay namimighati naman ang kanyang puso samantalang hinahanap ng kanyang mga mata si Helen na noon ay wala na sa kinaroroonang likmuan.

Papalabas na si Luis sa **Coliseum** nang siya'y makarinig ng tawag.

—Luis!... Luis...! Tingnan mo siya, nagmamalaki na! —Lumingon si Luis, at nakita niya si Helen na nangingislap at nagniningning ang mga mata.

—Dinaramdam ko, Helen, na binigo kita sa iyong kahilingan, —gumagaralgal ang tinig na sabi ni Luis.

—Kalimutan mo na ang usapan natin kahapon, —ang nakangiting sagot ni Helen.

—Ang ibig mong sabihin ay hindi ka nagagalit sa akin?

—Hindi, manapa'y humahanga ako sa iyo sapagka't may sarili kang paninindigan! —ang wika ni Helen sabay kawi't sa bisig ng binata.

At nang mga sandaling iyon, nakadama si Luis ng kaluwalhatian ng puso na wari'y sumusuko hanggang langit!

**—BEN V. MACALANDA**
**2020-B Anak-Bayan, Paco, Maynila**
**(20 taong gulang)**



## PAGBABALIK SA LARANGAN

"MGA ULOL. Talagang mga baliw kayo...!" ang bulong ni Leo sa sarili... at siya'y nagpatuloy sa maingat na paglakad, pabalik sa kanilang kampo.

"Bakit ko itataya ang aking buhay sa pakiikpaglaban gayong wala namang kapakinabangan para sa akin!" ang patuloy pa niyang wika sa kanyang sarili habang tinatahak niya ang madawag na landas pabalik sa kanilang himpilan.

Si Leo ay isa sa mga kawal Pilipinong ipinadala sa larangan ng digmaan sa Korea upang ipagtanggol ang kalayaan na nais lupigin ng komunismo.

Laban sa loob niya ang magkawal, nguni't siya'y napilitan nang mawalan siya ng gawaing pinagkakakitaan ng salapi upang ibuhay sa kanyang asawa at dalawang anak.

Sa di inaasahang pangyayari, ang kanyang kinaaanibang pangkat ang siyang naatasang magtungo sa larangan sa Korea upang sumama sa mga kawal ng mga bansang magkakaanib na nakikidigma sa mga komunista.

At nang gabi ngang iyon ay napabilang siya sa ilang kawal na naatasang maniktik ng mga nakatagong himpilan ng kaaway. Subalit nais niyang magbalik at takasan ang larangan sapagka't para sa kanya'y isang malaking kahibangan at pagkakamali na ipain niya ang sariling buhay sa pakikipaglaban samantalang wala naman siyang tatamuhing kapakinabangan para sa kanyang sarili.

Lubhang malayo pa ang kanyang lalakarin bago niya marating ang kanilang himpilan, kaya't nang sapitin niya ang isang mayabong na punungkahoy ay ipinasya niyang palipasin na ang magdamag sa ilalim niyon, lalo't may kalaliman na rin lamang ang gabi. Dala ng matinding pagod, si Leo ay madaling nag-antok at nakatulog, bagama't pinipigil pa sana niyang maidlip.

Sa kanyang pagkakahimbing, ay dinalaw si Leo ng isang nakahihindik na panaginip.


Siya raw ay pabalik na sa kanilang tahanan buhat sa bukid nang hapong iyon. Nang siya ay malapit na sa kanilang bahay ay bigla siyang napatalon buhat sa likod ng sinasakyang kalabaw nang maulinigan niya ang nagpapalahaw na tinig ng kanyang mga anak at asawa. Matulin siyang tumakbo patungo sa kanilang tahanan upang alamin kung ano ang nangyari, at halos palundag niyang pinanhik ang kanilang hagdanan. Nang itulak niya ang pinto ay tumambad sa kanyang paningin ang isang nakahihindik na tagpo.

*(Sundan sa pahina 31)*

Pitak ng "Ito Ang Aking Akda"
Magasin ng Bagong Buhay
Gusaling Times, Florentino Torres, Maynila

G. Patnugot:

Kalakip po nito ang isa kong akda na may pamagat na ..............................................
..............................................................................
Pangalan: ..............................................................
.............................................. Edad: ...........
Tirahan o paaralan: ...................................................
..............................................................................



# Ulilang Halaman

nobela ni Potenciano Carreon, Jr.

(Ika-9 na Labas)

ANG LIWANAG ng buwan ay may mahiwagang kagandahang idinudulot sa tabing-dagat na iyon. Maligamgam ang simoy na nagbubuhat sa laot at naghahatid ng ginhawa sa katawan sa isang alinsangang panahong katulad niyon.

Marami rin ang namamasyal doon. Mga binata't dalaga. Matatandang babae at lalaki. Mga bata. Sa palagay ni Rafael, ang baybay ng dagat na iyon ay kaputol na langit na may sariling kagandahang humihiwalay sa marumi at masukal na pook na kinaroroonan ng mga bahay ng mahihirap. Sa isang maalinsangang gabing katulad niyon, ang pamamasyal sa tabing-dagat ay isa nang paglilibang.

Nagpasalamat si Rafael sa batang naghatid sa kanya sa tabing-dagat. Pinauwi na niya iyon. Hindi niya agad natagpuan si Dora. Binaybay niya ang aplayang iyon at pinagmamalas niyang mabuti ang bawaing kanyang makita.

Sa isang nakataob na bangka ay natagpuan niyang nakaupo si Dora. Nag-iisa ang dalaga. Sa madilim na laot nakapukol ang tanaw. Kaya hindi namalayan ni Dora ang paglapit ni Rafael.

—Magandang gabi sa iyo, Dora, —ibinati ni Rafael mula sa may likuran ng dalaga.

Pagulat na napalingon si Dora.

—Naku, ikaw pala, Rafael! —wika ni Dora. —Bakit ka naririto? Bakit ka napaligaw rito?

Hindi inaasahan ni Dora na makikita niya si Rafael sa pook na iyon.

—Hindi ba inanyayahan mo ako sa inyo kaninang hapon lamang? —ani Rafael. —At ka ko nama'y dadalaw nga ako sa inyo. Ngayong gabi nga'y naisipan kong dumalaw na.

—Hindi ko inaasahang talagang dadalaw ka pa nga sa amin. —Nagbuntunghininga si Dora. —Paano mo nalamang naririto kami?

—Sinabi ni Aling Senday, at pinasamahan ako sa isang bata. Kasama mo raw si Tinoy at namamasyal kayo rito.

—Oo, —at napalinga si Dora na hinahanap si Tinoy. —Kangina lamang ay naririyan si Tinoy. Naglalaro siya sa buhangin. Saan kaya nagpunta?

—Siguro'y nayaya ng ibang bata. Hindi ka niya iiwang mag-isa. Mamaya ay babalik iyon.

Naaninag ni Rafael sa malamlam na liwanag ng buwan na ngumiti sa kanya si Dora.

—Naniniwala kang talaga na si Tinoy ay isang mabait na bata, —sabi ni Dora.

—Ikaw naman ay naniniwala ring mabait siya, —pakli ni Rafael. —Alam kong natitiyak mo ring hindi ka niya iiwan. Babalik siya.

Tumango si Dora.

—Maupo ka rito sa bangka, —anyaya kay Rafael. —Mabuti na iyong maupo ka kahit paano kaysa iyang nakatindig ka.

Sumunod naman si Rafael. Naupo rin siya sa balugbog ng bangka. Nakatukod ang mga paa niya sa buhangin na katulad ng pagkakaupo ni Dora. Magkatabi sila. Halos magkabunggo ang kanilang mga balikat

—Ano ang iniisip mo kangina? Kanginang dinatnan kita at nakatanaw ka sa laot? —sabi ni Rafael pagkaraan ng ilang sandaling paghahari ng katahimikan sa kanila. —Sa wari ko'y malalim ang iyong iniisip... malalim na malalim.

—Wala akong iniisip. Ang nararamdaman ko lamang ay parang nawawala ako sa kadiliman.

—Nawawala sa kadiliman, —usal ni Rafael. —Noong araw ay madalas ko ring maramdaman ang mawala sa kadiliman.

Nagtawa si Dora. —Siguro ay hindi mo pa nararanasan ang mawala sa kadiliman. Ikaw ay nasa liwanag. Ang daigdig sa iyo ay maliwanag .. nakikita mo ang iyong nilalakaran, nguni't kami...

—Magkakamali ka kung ipalalagay mong hindi ko naranasan ang mawala sa dilim.

Nagharing sandali sa kanila

ang katahimikan.

—Ang mga magulang ko'y mahihirap, —wika ni Rafael pagkaraan. —Nakatira kami sa isang kubo sa labas ng Maynila. Ang aking ama'y pahinante sa piyer. Ang aking ina ay nagtitinda-tinda. Nguni't sa kabila ng pagtutulong nila ay dukha pa rin kami, at halos iginagapang nila ang aking pag-aaral. Ibig nila akong matuto.

Sandaling tinapunan ng tingin ni Rafael si Dora. Walang kibo si Dora. Nakatitig sa madilim na laot.

—Nadarama ko ang aming kahirapan, lalo na nang mamatay ang aking ina, —sabi ni Rafael. —Pagkagabi, pagkatapos kong mag-aral, ay nauupo ako sa tabi ng bintana. Napapatanaw ako sa kadilimang nasa labas, at makaramdam ako sa aking puso ng takot. Naitatanong ko sa aking murang isip kung saan ako patutungo? Wala akong nakikita man lamang na landas na aking tinutungo... ako'y nawawala... nawawala ako sa dilim sa palagay ko.

—Naranasan mo rin nga pala iyon? —sambit ni Dora na nanginginig ang tinig.

—Lalo na nang magkasakit ang aking ama, —wika pa ni Rafael. —Gayon na lamang ang takot ko. At nang mamatay siya... ibig ko na ring mamatay. Labindalawang taon pa lamang ako noon. Sa palagay ko noon ay nawala na ako talaga sa gitna ng walang katulad na kadiliman.

—At hindi ka rin nawala?

—Oo, hindi rin nga ako nawala, —at napabuntunghininga si Rafael. —Marahil ay dahil sa talagang walang taong nawawala sa kadiliman maliban kung siya nang talaga ang nagpapakaligaw. Napagkilala kong sa lalo mang kadiliman ng buhay ay hindi tayo pinanapag-aral. Nakatapos ako. Nagpasimula ako ng isang maliit na hanap-buhay, at patuloy na inakay ako ng Kamay na iyon.

—Mapalad ka!

—Lahat tayo'y mapalad.

Sa pagkakayuko ay nagtaas ng paningin si Dora. Tumingin kay Rafael.

—Napadalaw ka na sa aming bahay, —sabi ni Dora. —Nakita mo ang aming kalagayan. Narinig mo ang sinabi sa akin ni Mang Tomas. Nakabaon kami sa pagkakautang sa kanya at isang pagkakautang na hindi na namin mahahanguan. Nagtitinda-tinda rin ang aking ina, ang ama ko'y bahagya na ring magkatrabaho mula nang magkasakit, at ako nama'y nabigo na sa paghihintay na makapagturo...

—Siyanga pala... tapos ka nga pala ng Normal. Nakita ko ang diploma mo nang ako'y mapunta sa inyo.

—Oo, nakasabit lamang iyon sa aming dingding, —marahang nagtawa si Dora, nguni't tawang parang pagpalibhasa sa sarili. —Inaagiw na sa aming dingding. Hindi lamang hindi ako magkaroon ng puwang sa pagtuturo, kundi bigo pa rin akong makakita ng kahi't anong trabaho... kaya nananahi na lamang ako sa bahay.

Muling napatitig si Rafael kay Dora. Nagugulumihanan siya sa kanyang narinig.

—At ang kinikita naming mag-anak, —wika pa ni Dora, —ay halos nauuwi lamang sa tubo ng aming pagkakautang kay Mang Tomas... bahagya na ang napapauwi sa aming pangangailangan. Bakit ko ba sinasabi ito sa iyo... hindi ko dapat sabihin ito sa iyo... —at mula sa pagkakaupo ay tumindig si Dora. —Marahil ay may mga taong mamulat man sa dilim ay hindi patuluyang

Humakbang si Dora at sumabay sa kanyang paglakad si Rafael. Marahang-marahan ang hakbang ni Dora.

—Tinuturu-turan ko lamang siya ngayon, at nakikita kong masikap na masikap siyang matuto. Nguni't walang makapagmalasakit sa kanya. Hindi niya maasahan ng pagtingin sa kanya ang kanyang lola. Saan nga siya patutungo? Patungo siya na maging isa sa sinasabing magagaling na lalaking naglipana sa aming pook na ito. Balang araw... paglakas ng kanyang mga bisig ay gagamit din siya ng lakas upang kunin ang ano mang bagay na ibig niyang kunin sa buhay. Patuloy siyang mawawala sa kadiliman.

Kinilabutan si Rafael. Nakita rin niya ang kalagim-lagim na pangitaing sinabi ni Dora tungkol sa bata. Parang sumaksak iyon sa kanyang dibdib.

Napahinto si Rafael sa paglakad. —Si Tinoy... wala pa siya?

—Susunod na sa atin 'yon. Baka nalibang sa paglalaro.

—Susumbatan ko siya pagdating niya, —ani Rafael. —Sasabihin ko sa kanyang bakit ka iniwan sa iyong pamamasyal?

—Nagtataka nga ako, pagka't hindi niya dating ginagawa iyang iwan ako, —sabi ni Dora. —Baka kaya ayaw siyang pakita sa iyo?

—Nguni't bakit hindi siya pakikita sa akin?

—Baka kaya nagtampo siya sa iyo dahil sa umayaw kang kunin siya? Ang pakiramdam ko'y mahal na mahal ka niya, at maaaring naging matinding pagkasiphayo sa kanya ang pagkatanggi mo.

Napangagat-labi si Rafael. Muling nagpatuloy sila sa paglakad.

—Inaamin ko sa iyo, Dora,

## Sa Pakikipag-usap Ni Rafael Kay Dora Ay Naiugnay Niya Ang Kanyang Naging Buhay Sa Kasalukuyang Kalagayan Ni Tinoy Kaya Bumuo Siya Ng Isang Balak

babayaan ng isang Taga-akay ... isang matatag na Kamay na nagpapanuto sa atin, itinuturo sa atin ang landas, katulad ng pagpapanuto Niya ng landas sa mga ibon sa paglipad. Hindi napapaligaw ang mga ibon, pagka't ang mga ibon ay napaaakay sa Kanya!

Muling namagitan kina Rafael at Dora ang katahimikan. Ngayo'y nakababa sa buhangin sa kanilang paanan ang paningin ni Dora.

—Nang mamatay ang aking ama'y saka ko nakilalang may matalik na kaibigan pala siya, —patuloy ni Rafael. —Siya ang umampon sa akin. Itinuring akong anak at pinawawala, —dugtong pa ni Dora. —Nguni't may mga tao namang nawawala... hindi makatagpo ng kamay na tagaakay...

—Hindi ka dapat mawalan ng pag-asa.

—Ilan na ang maaaring matulad sa iyo, —sambot uli ni Dora. —Sa katulad ko at sa katulad ni Tinoy... saan kami patutungo? Kagaya ni Tinoy... —sabi pa ni Dora. —Mabait na bata si Tinoy, at matalino naman siya. Nguni't hindi siya makatanggap ng kahit bahagyang pagkakataon sa buhay. Apat na grado ang kanyang naabot at napatigil na siya ng pag-aaral...

na isang pagtakas ko nga kay Tinoy ang pagkakaiwan ko sa kanya, —ani Rafael. —Sabi ko'y wala na akong dapat alalahanin pa pagkatapos na maibigay ko siya sa kamay ng kanyang lola. Nilalabanan ko ang sarili kong budhi. Nguni't may naipakilala ka sa akin sa ating pag-uusap kangina. Kukunin ko si Tinoy.

Dumating sila sa bahay. Wala rin si Tinoy. Naupo sila sa baytang ng hagdan at hinintay ang bata. Lumalim ang gabi'y hindi pa rin sumisipot si Tinoy. Napilitan na tuloy umuwi si Rafael na hindi kasama ang bata.

(ITUTULOY)

## *Paano Mapagkikilala ...*

*(Buhat sa pahina 14)*

upang makamit lamang ang kasagutan ng dalagang kanyang iniibig. Ang sinumang umiibig nang tapat ay hindi kailanman iisip ng isang bagay na magdudulot ng kapinsalaan sa kanyang minamahal.

Ikapito, hindi umiibig nang tapat ang isang binata kapag lubis ang kanyang pagiging mapanibughuin. Ang panibugho ay pag-ibig, nguni't naging lason kung labis. Ang panibugho ay hindi tanda ng katapatan; manapa'y tanda ng kawalan ng tiwala sa sarili at sa kanyang iniibig. Ang isang umiibig nang tapat ay may ganap na pagtitiwala sa kanyang sariling katangian na makatutulong upang maakit ang kanyang iniibig.

Sa panig naman ng kalalakihan ay ito ang maaari nating ipaalala. Ang katapatan ng isang babae ay maaari nilang pag-alinlanganan kapag ito'y sumang-ayong makipag-ulayaw sa kanila sa kahit saang pook liban sa kanyang tahanan lalo na sa alanganing oras ng gabi.

Hindi rin dapat gawing batayan ng katapatan ng babae ang pagtanggap-tanggap sa kanila ng mga mamahaling handog. Ang isang babaing may pagpapahalaga sa sariling dangal ay hindi maaaring silawin ng kislap ng salapi. Sapat na sa kanya ang pagparinggan ng ilang pangungusap na puno ng pagmamahal na nanggagaling sa puso at hindi sa bibig lamang, o kaya'y ang handugan ng ilang talulot ng bulaklak bilang tanda ng pagmamahal, at siya'y lubos na maliligayahan kaysa tumanggap ng mamahaling handog na nagpapakilala ng kababaan ng uri ng kanyang puri.

Kapag ang isang babae ay walang itinatagong lihim sa buhay ay lantad ang kanyang uoo sa pakikiharap sa mga hinlog o kaibigan ng kanyang katipan.

Dahil sa nakikita nating mga kakatwang pangyayaring naganap sa larangan ng pag-ibig ay nasasabi tuloy natin kung minsan na ang tunay na pag-ibig ay sadyang punung-puno ng talinghaga. Ang tapat na pag-ibig ay laging laang magbigay, nguni't hindi naghihintay ng ganti. Hindi tumitingin sa kamalian, nguni't laging nakapanig sa katotohanan. Lumiligalig sa isipan, nguni't nagpapagaang ng kalooban.

Kung lilimiin nating mabuti ang kahulugan ng tapat na pag-ibig ay mawiwika nating ito'y walang iba kundi ang banal na damdaming humahanga sa kagandahang panloob, bulag sa kapintasan, bingi sa tawag ng mababang hangarin, at dumadakila sa kalinisan ng budhi. (X)




## *mga sawimpalad*

*... at ako'y patuloy na sunud-sunuran*
*sa gandang kasamang sa aki'y may-akay;*
*nang kami'y huminto't*
*yaring mga mata'y magbaba ng tingin-*
*nangilabot ako sa labi ng bangin*

*ang ibayo rito ay isang tanghalan*
*ng dulang hinango sa tunay na buhay;*
*ang nagsisiganap*
*ay mga aninong lulunin-iluwa*
*ng kapal ng usok na walang kamukha.*

*sa nahawing tabing: abang nakagapos*
*ang mga nangarap ng gawang-manakop;*
*pasan ang mabigat*
*na nilikha nilang sandata't ataul*
*na nilalabasan ng dila ng apoy.*

*nagsipag-ugaling "pating sa katihan"*
*ay kalakaladkad ng napakinabang;*
*sa dako pa roon*
*ay nagsisitangis ang mga tumanggap*
*ng kani-kanilang bahaging masaklap.*

*sa bawa't makitang dinidilidili,*
*nunupling sa puso'y habag sa sarili;*
*sa mata'y nabuksan*
*ang dalawang landas: una'y maalindog*
*at ang pangalawa'y may tanim na kurus.*

BUHAT sa pasalagmak na pagkakaupo ni Tino sa pampang, na pinanunungnan ang kahabaan ng ilog na humahati sa nayon ng Mauway, ay nakikita niya ang pagdaratingan ng langkay ng mga dalagang may mga sunong na batya. Pinangungunahan ng magandang si Flor, isa-isang ibinaba ng mga iyon ang kanikanilang sunong na batya sa ibabaw ng makikinis na batong-buhay na nakahanay sa pampang. Masasaya ang lahat, na ibinabadya ng kaingayang pumupunit sa katahimikan ng buong paligid.

Naging ugali na ni Tino ang pamamahinga sa pampang na iyon. Sa tuwing makararamdam siya ng pagkahapo sa walang likat na paggawa sa bukid ay binubusog niya ang kanyang paningin sa panonood ng malilikot na bulang nagsisipagsayaw sa pisngi ng tubig. Kung mamasdan ni Tino ang magaslaw na agos na nagpapasiway-siway sa pagitan ng mga bato, ay nakadarama siya ng kasiyahan.

—Marahil ay ganyan din ang buhay, —ang nasasabi pa niya sa sarili. —Tila agos din ng tubig na hindi mo nalalaman kung saan hahantong, kung kailan magwawakas.

—Naku... ang barong-tagalog pala ni Tatang! —pabiglang nasabi ni Flor, habang inaabot ang damit na ibinibigay ng binata. —Isusuot pa naman ito ni Tatang sa pagsisimba sa Linggo sa kabayanan. Maraming salamat, Tino! ... Halika, makiumpok ka muna sa amin.

—Hindi na, Flor, tatapusin ko pa ang aking inaararo e.

Bago umalis ang binata ay isang malagkit na titig ang iniukol sa dalaga. Nakangiti naman ang dalaga habang tinatanaw ang papalayong binata. Natanim sa diwa ni Flor ang titig na iniukol sa kanya. Nadama niyang parang naglalagos iyon sa maselang bahagi ng kanyang puso.

—Hoy, Flor, para kang natuka ng ahas a! —ang panunukso ni Minda nang makitang parang natitilihan ang kaibigan. —Tila masama ang tama mo kay Tino!

—Naku, hindi naman... kaya lang e, naiisip kong kung tuluyang naanod ang barong-tagalog ni Tatang ay pihong magagalit iyon sa akin! —parang napahiyang tugon ni Flor, nguni't sa sarili'y batid niyang hindi iyon ang tunay na dahilan.

Sa kabilang dako, patuloy sa dakong pinaglalabahan ng dalaga.

—Bakit nag-iisa ka, Flor? —ani Tino nang mapalapit na siya sa dalaga. —Hindi ka ba natatakot na mag-isa sa pook na ito?

—Bakit ako matatakot, mababait naman ang tagarito sa atin, —ang kinakabahang tugon ng dalaga. Naging malikot ang kanyang mga mata. Baka kung ano ang gawin sa kanya ni Tino.

Naunawaan naman ng binata ang tila pagkabahala ng dalaga.

—Flor, huwag kang magalaalang ikaw ay nag-iisa. Ako ang magiging tagapagtanggol mo kung may pangahas na lalapastangan sa iyo. Magdaraan sila sa ibabaw ng aking bangkay! —ang may pagmamalaking nasabi ng binata.

Hindi tumugon ang dalaga, nguni't nakadama siya ng katiwasayan.

—Dinalhan kita ng mga hinog na atis na pinitas ko sa duluhan, heto... tikman mo, —at ipinagbiyak ni Tino ng isa ang dalaga.

—Naku! Nag-abala ka pa niyan, baka may magalit sa iyo, —may pakahulugang sabi ni Flor, at napatitig sa binata habang inaabot ang atis.

mong sabihin? —ang naitugon ng dalaga.

—Kailangan mo pa bang itanong, Flor? Hindi mo ba nababasa sa aking mga mata ang itinitibok ng aking puso? Iniibig kita, Flor! Pinakamamahal kita!

Nagsusumigaw ang damdaming nakukuyom sa puso ng dalaga, subali't hindi iyon mabigkas ng kanyang mga labi!

Hindi makaimik ang dalaga.

—May pag-asa ba ako, Flor? —antig ng binata.

Walang tinig na lumabas sa kanyang lalamunan. Para siyang isang kawal na nasukol ng kaaway sa pakikihamok.

May kapangahasang hinawakan si Tino ang kamay ng dalaga, na hindi naman tumutol. Nagkaugnay ang kanilang paningin, nag-usap ang kanilang mga mata, at sapat na iyon upang angkinin ng isa't isa ang kaluwalhatian ng mga sandaling iyon.

—Tino, hindi mo kaya ako paluhain lamang? —ang lumuluhang nasabi ni Flor, pagkaraan ng ilang sandali.

—Hindi, mahal ko, sinasaksi ko ang puno ng baliting ito na lumililim sa atin, ang mga batong itong ating inuupan at ang kristal na tubig na iyang kasing-linis ng aking pag-ibig!

Subali't laban sa kanilang inaasahan, ang magandang pangarap ni Tino ay naging kastilyong nagkadurug-durog sa kanyang paanan. Namiyapis ang salot sa kabukiran. Natuyo ang mga pananim. Tanging ang anino na lamang ng pagdaralita ang naiwan sa dibdib ng bukid.

Dahil sa kabiguang tinamo ni Tino, nauntol ang kasal nila ni Flor. Subali't hindi siya nawalan ng pag-asa. Ipakikilala niyang hindi sa kabukiran lamang maaari niyang dulangin ang katuparan ng kanyang pangarap.

Pagkalipas ng ilang araw ay malungkot siyang dumalaw sa kasintahan.

—Ikinalulungkot ko, Flor, ang paglisan kong ito, nguni't ito na lamang ang tanging paraan upang matupad ang mga pangako ko sa iyo, —ang malungkot na pagpapaalam ni Tino.

—Natatakot ako, Tino, baka ang paglayo mo ang maging dahilan ng iyong paglimot... —anang lumuluhang dalaga.

—Hindi mangyayari ang pinangangambahan mo pagka't iisa ang aking puso at iyan ay iiwanan ko sa iyo, —tugon ng binata at tuluyan




Lilisanin na sana ni Tino ang pook na iyon upang ipagpatuloy ang paggawa sa bukid, nang mapansin niya ang isang maputing bagay na tinatangay ng agos. Isang biglang kapasiyahan ang nag-atas sa kanya upang tumalon at sagipin ang natiyak niyang damit na lulutang-lutang sa tubig. Nagulat pa ang nagsisipaglaba nang marinig nila ang malakas na labusaw ng tubig sa may dakong ibaba ng kanilang pinaglalabahan. Nakuha naman ni Tino ang damit na naaanod, at nakangiti siya kahit basang-basa ang suot na damit, habang papalapit sa mga dalagang naglalaba.

—Aba, si Tino pala! —ang pabiglang nasabi ni Flor nang mapagsino ang papalapit na binata.

Hindi sumagot si Tino, nguni't nagtatanong ang kanyang mga mata kung kanino ang damit na kanyang nasagip.

man si Tino sa paggawa sa bukid ay parang wala siya sa sarili. Ang mga ngiti ni Flor, ang sulyap na ipinabaon sa kanya, ay siyang laging kaulayaw ng kanyang gunita. Para bang nakadarama siya ng luwalhati. Malaon na niyang nais ipagtapat kay Flor ang isang damdaming nakukuyom sa kanyang puso. Nguni't nagaalinlangan siya, baka lamang siya masawi!

—Ako pa kayang isa lamang magsasaka ang pagukulan niya ng pansin? —ang naibulong ni Tino sa sarili, at napabuntong-hininga siya, kasabay ng marahang pag-usad ng kanyang kalabaw.

Ilang araw ang nakalipas.

Isang umaga, napansin ni Tino na nag-iisang naglalaba si Flor. Dali-dali siyang namitas ng mga hinog na atis sa duluhan ng kanyang sinasaka at nagmamadaling lumusong

Ilang saglit na katahimikan ang namagitan sa kanilang dalawa. Patuloy si Flor sa pagsasabon, samantalang si Tino ay naupo sa isang batong malapit sa dalaga. Ang binata ang bumasag ng katahimikan, na gumagaralgal ang tinig.

—Flor, malaon kong hinintay ang ganitong pagkakataon, upang isiwalat sa iyo ang isang damdaming ngayon ko lang naranasan... —lakas loob nang pagtatapat ni Tino.

Hindi umiimik ang dalaga.

—Nalalaman kong ang pagtatapat kong ito ay paghukay ko na rin ng sarili kong libingan, —ang patuloy ng binata. —Nguni't walang kailangang ako ay masawi. Magsasagamugamo akong susugba sa liwanag, kahit na masunog ang aking mga pakpak, pagkatapos!

—Bakit ka nagsalita ng ganyan, Tino... ano ang ibig

—ang panunumpa ng binata.

—At kung ako naman ay sasawiin mo at paglalaruan lamang, sa lilim din ng punong ito matatagpuan mo akong bangkay!

Bagaman may-kahigpitan ang mga magulang ni Flor ay nakadadalaw din nang malimit si Tino sa kasintahan. Pinipilit niyang maging marapat sa mga magulang ng katipan. Lalong pinag-ibayo ni Tino ang kasipagan. Ang araw ay ginagawa niyang gabi upang maihanda ang magandang kinabukasan nila ni Flor, at ang kinabukasan ng kanilang magiging supling, kung sakali.

—Pagkatapos ng anihang ito ay pakakasal na tayo. Maganda ang ipinangangako ng bukirin, —ani Tino sa kasintahan minsang sila ay nag-uulayaw.

—Ikaw ang masusunod, —ayon naman ng dalaga.

nang nagpaalam.

Sa tulong ng isang kaibigan, ay napasok na pahinante si Tino sa isang bahay-kalakal. Lubhang mabigat ang kanyang gawain, nguni't pinagaan iyon ng matatamis na alalahaning maipagtatayo rin niya ng isang maliit na pugad ng pag-ibig ang nilisang kasintahan. Mababagong liham ng pag-ibig ang pinasasapit niya sa katipan, na ginaganti naman ni Flor ng matatamis na liham ng pagmamahal.

Nakalipas ang isang taon. Malaki-laki na ring halaga ang naiimpok ni Tino. Subali't dahil sa bigat ng kanyang gawain, ay unti-unting nahulog ang kanyang kalusugan. Napilitan siyang tumigil sa gawain nang mabatid niyang siya'y unti-unting iginugupo ng malupit na karamdaman, ayon sa manggagamot na tumingin sa kanya. Sa isang pagamutan ng pagkatuyo siya humantong.

## ni MARCELO B. VILLEGAS

**Ang Kanilang Pag-iibigan ay Pinatigang Ng Panahon Nguni't Pagkatapos Madilig Ng Mga Luha Ay Muli Itong Namulaklak**

Salamat na lamang sa matiyagang pag-aalaga ng isang pinsan niyang dalaga at nangyayari pang madugtungan ng pag-asa ang tinatakip-silim niyang palad.

—Hindi na marahil ako gagaling, Mely, —ang madalas masabi ni Tino sa pinsan. —Mamamatay akong hindi natutupad sa pangako ko kay Flor...

—Huwag kang mawalan ng pag-asa, Kuya. Gagaling ka rin sa awa ng Diyos.

Isang gabi, isang liham ang nilamay ni Tino sa saliw ng mga patak ng luha. Isang liham para kay Flor. Anang isang bahagi ng liham... **Nababatid kong daramdamin mo ito nang labis, mahal ko, subali't napikot ako ng kanyang mga magulang kaya napilitan akong pakasal sa kanya. Sadyang hindi tayo magkapalad, Flor, kaya't patawarin mo ako.**

Halos mawindang ang dibdib ng binata ng idikit na ang sobre ng liham.

—Nguni't ito na lamang ang tanging paraan upang malimot niya ako, —ang nanggigipuspos na naibulong niya sa sarili.

Parang binagsakan ng langit si Flor nang matanggap ang liham na yaon. Hindi napaglabanan ang bugso ng damdamin at napabulalas nang iyak. Subali't pagkaraang makapagmuni-muni ay huminahon ang kalooban.

—Hindi ako naniniwala! —ang nausal ng dalaga.

Marami pang araw ang lumipas. Una ay sa kapangyarihan ng Lumikha, at ikalawa'y dahil sa mga makabagong gamot na ibinibigay ng doktor, ay nakadarama na si Tino ng kaginhawahan. Unti-unti nang nagbabalik ang kanyang kalusugan, subali't sa ganang kay Tino ay hindi na niya nais pang mabuhay. Aanhin pa niya ang manatili sa daigdig kung wala na rin ang pinakamamahal niyang si Flor!

Isang araw ay nilapitan ang binata ng doktor na tumitingin sa kanya.

—Mr. Robles, ganap ka nang magaling, ayon sa **X-Ray** na kinuha ko sa iyo kahapon. Maaari ka nang umuwi kung gusto mo. Kailangan lamang ang kaunti pang ingat at pamamahinga sa isang pook na dalisay ang hangin, —anang nakangiting manggagamot.

Nang lumabas si Tino sa pagamutan ay inihatid siya ng pinsang dalaga sa Mauway. Hindi mapalagay ang binata habang ginagaygay ng sasakyan ang kahabaan ng lansangang patungo sa kanilang nayon. Walang naglalaro sa kanyang isipan kundi ang larawan ng kasintahan.

—Tanggapin pa kaya niya ang aking pagbabalik?... May asawa na kaya siya?... ang mga katanungang naibubulong niya sa sarili.

Parang ahas na gumapang sa buong nayon ang balita sa pagbabalik ni Tino.

—Naku... ang ganda-ganda ng kasamang babae! Marahil ay iyon ang kanyang asawa, —ang pagbabalita ng isang kanayong nakakita sa pagdating ng magpinsan.

Nakarating din kay Flor ang balita.

—Tutoo nga pala ang sinabi niya sa **liham. Isa nga pala siyang taksil!** —ang nagdaramdam na nasambit ni Flor.

Nang hapon ding yaon ay nagsadya si Tino sa bahay ng kasintahan upang makapagpaliwanag at tuloy makahingi ng tawad. **Subali't wala roon ang katipan.** Ayon sa batang kapatid na kanyang nakausap ay umalis na lumuluha ang dalaga. Biglang sumikdo ang dibdib ng binata. Nagunita niya ang sinabi ni Flor, nang magsumpaan sila sa tabing-ilog. **At kung ako naman ay sasawiin mo at paglalaruan lamang, sa ilim din ng punong ito matatagpuan mo akong bangkay.**

Kinilabutan ang binata. Patakbong nagtungo siya sa ilog. Dinatnan nga niya roon ang kasintahan na malungkot na lumuluha at hawak ang isang patalim.

—Flor, aking mahal!... maghunus-dili ka!... Hindi ako nagtataksil sa iyo! —**Ang** nasisindak na nasabi ng binata.

—Bayaan mo na akong ma-

*(Sundan sa pahina 31)*

# Mag-MADYIK Tayo


ni BA ARYO

## Ang Higanteng Palito Ng Posporo

Ang pinakamalaking Pilipino ay may taas na 8 talampakan. Nguni't ang pinakamahabang palito ng posporo ay umaabot sa 10 pulgada. At ito'y maaari ninyong ipakita sa inyong mga kaibigan.

Sa minsan ninyong pagkukuwentuhan, bumunot kayo sa inyong bulsa ng isang kaha ng posporo. Sabihin ninyo sa mga kaharap na kayo'y may naitagong relikya ng isang palito ng posporo na naiwan ng isang higante nang unang panahon.

Hindi nakikita ng iyong mga kaharap kung saan nanggaling, ang palito ng posporo ay dudukutin ng inyong kanang kamay buhat sa kaha na hawak ng inyong kaliwang kamay.



Kung paano ninyo ito magagawa:

Kumuha kayo ng isang malambot na kahoy. Tabasin ninyo nang pabilog o pakuwadrado na tulad ng isang palito. Pagkatapos ay kumuha naman kayo ng kapirasong bulak at isang kaha ng posporo na walang laman.

Ang pinakatakip naman ng kaha ay ukitan ng isang hugis "V", na ang luwang ay nasa dulo at ang tulis ay nasa dakong gitna.

Ibabad ang kapirasong bulak sa tintang itim, patuyin at saka ibilot sa isang dulo ng tinabas na kahoy o "palito ng posporo". Ilusot ang palitong ito sa mahabang manggas ng kaliwa ninyong kamay na may hawak ng basyong kaha ng posporo. (Ang bahagi ng sisidlan ng mga palito na inalisan ng dulo ang ipaharap sa inyo.)

Hugutin ang kinalalagyan ng mga palito ng posporo at tanggalin ang isang dulo upang maging bukas.

Itulak ng kaliwa ninyong hintuturo ang sisidlan ng palito, habang itinutulak din ang mahabang putol ng kahoy na ang ulo'y unang pinalalabas sa kaha. Hugutin ang "higanteng palito" ng inyong kanang kamay.

Upang hindi mabara sa paglalabas ang palito, ito'y itataas sa dakong inukitan ng hugis "V".

Ang "madyik" na ito ay minsan lamang maipakikita sa isang grupo ng tao, sapagka't maaaring malaman na nila ang **sistema** pagkatapos. Gayunman ay maaari rin ninyong ilihim ang **sikreto** kung maibabalik ninyo sa kaha (patuloy sa loob ng manggas ng inyong kamisadentro) ang "higanteng palito", sa isang paraang hindi mahahalata ng inyong mga kaharap. (X)

## *PUMAPATAY...*

*(Buhat sa pahina 3)*

hon, ang mga naninirahan sa isang purok na pinag-uukulan ay dapat umasa ng malakas na hanging mula sa 30 hanggang 39 na milya isang oras. Sa lakas na ito ay may kahirapan nang lumakad na pasalunga sa hangin. Napapagalaw nito ang malalaking sanga o ang buong punong-kahoy at lumilikha ng malalaking alon sa baybayin kaya ipinapayo ng mga pinuno ng obserbatoryo na dumaong o lumigpit muna ang maliliit na bangkang pangisda.

Ang "babala ng bagyo" ay nangangahulugan ng hanging mula sa 55 hanggang 74 na milya sa isang oras. Ito ang bagyong makabunot-puno at makatuklap-atip.

Dapat humanda at mag-ingat na lalo, anang Kawanihan ng Panahon, kung ang babala ay nagsasabing 75 o mahigit na milya sa isang oras ang lakas ng hangin. Lalong nagiging mapaminsala ang ganitong lakas ng bagyo kung may kasamang malakas na ulan.

Sa buong Pilipinas ay may mahigit na 49 na estasyon ng obserbatoryo. Nakalaganap ito sa kapuluan mula sa Aparri hanggang Sambuwangga. Alinsunod sa Kawanihan ng Panahon ay nakatayo ang mga estasyong ito sa mga sumusunod na pook:

Aparri, Aurora, Bakolod, Bagyo, Baler, Basco, Borongan, Buayan, Kabanatuan, Kagayan, Kalapan, Kalayan, Kapis, Kasiguran, Katarman, Katbalogan, Sebu, Koron, Kotabato, Kulyon, Kuyo, Daet, Dagupan, Dabaw, Dipolog, Dumaguete, Hinatuan, Iba, Iloilo, Infanta, Holo, Lawag, Legaspi, Lusena, Malaybalay, "Manila Airport", Masbate, Naga, Puerto Prinsesa, Romblon, Subik, Surigaw, Takloban, Tagbilaran, Tarum, Tugegaraw, Bigan, Birac at Sambuwangga.

Nadarama at hindi nakikita ang bagyo kung namimiyapis na sa isang pook nguni't bago dumating o magdaan, ang mga tauhan sa estasyon ng obserbatoryo sa isang purok ay nakakakita ng mga palatandaan na katulad din ng ating mga ninunong mangingisda at magsasaka.

Bukod sa mga makabagong aparatong ginagamit ngayon ay ginagamit din ang makalumang paraan sa pagtaya at paghula ng magiging lagay ng panahon. Ang tanging kaibhan ay mabilis ngayon kaysa noong araw ang pagkilala sa pagsusungit ng panahon.

Kabilang sa mga palatandaan ng pamumuo ng bagyo ang pagdidilim ng isang bahagi ng papawirin at ang paglamig ng simoy ng hangin.

Sa sandaling makakita ng palatandaan ng masamang panahon ang isang pinunong nangangasiwa sa isang estasyon, ang mga pagtaya sa kinalalagyan at lakas ng bagyo sa loob ng 24 na oras ay iniuulat agad niya sa mga pinunong kinauukulan, gaya ng gobernador, alkalde, pinuno ng pulisya, pinuno ng kalusugan, mga pahayagan, radyo at iba pa kung mayroon nito sa isang pook na hinuhulaang daraanan ng bagyo. Ginagamit ang salitang "hula" sapagka't kailan man ay hindi matiti-yak ang tutunguhin o lalandasin ng isang bagyo sapagka't ito'y hanging kumikilos.

Nagkakaroon ng pag-aalimpuyo ng malalakas na hangin sa purok ng Pilipinas sa lahat ng buwan halos maliban sa mga buwan ng Pebrero at Marso. Bihira rin kung mga buwan ng Enero at Mayo. Ang kalimitan ay kung mga buwan ng Hulyo at Agosto.

Ipinaliwanag ng Kawanihan ng Panahon sa Maynila na batay sa karanasan sa loob ng 33 taon o mula noong 1901 hanggang 1934, ang maaaring tawaging panahon ng bagyo sa Pilipinas ay ang huling kalahatian ng taon, mula sa Hulyo hanggang Disyembre. Lalong maraming bagyong naganap kung Hulyo, Agosto, Septiyembre at Oktubre.

Sa mga buwang iyan lalong magawain ang mga tauhan ng obserbatoryo sapagka't kung minsan ay nagkakasunod pa ang mga bagyo sa loob lamang ng ilang araw. Sa mga pagkakataong ito nagaganap kung minsan ang biglaang pagdating ng isang bagyo, samantalang ang babalang nakalaganap ay ukol sa bagyong sinundan o lumayo na.

Ang isa pang dahilan ng isang babala ay kung nasira ng unang bagyong nagdaan ang isang estasyon sa pagmamasid. Mangyari pang hindi ito makapagpapakalat ng babala sa hustong panahon kung sa loob lamang ng wala pang 24 na oras ay may susunod na ang ikalawang bagyong tinatawag na "buntot" o "asawa" ng una.

Tinatawag na "mata" ng bagyo ang gitna nito na hungkag sapagka't ang bagyo ay umiinog na hangin. Ang karaniwang lawak ng "mata" ng isang bagyo, sang-ayon sa pagsusuri ng Kawanihan ng Panahon ay may diametrong mula sa 10 hanggang 20 milya.

Sa kaligtasan ng buhay at ari-arian ng mamamayan, ang isang halimbawa ng babalang ipinamamahagi ng Kawanihan ng Panahon ay gaya nito:

"NGAYONG IKA-8 NG UMAGA, AGOSTO 9, AY ISANG BAGYONG TROPIKO ANG TINATAYANG NA SA LAYONG 515 MILYA SA SILANGAN NG HILAGANG-SILANGAN NG SAMAR. HINUHULAANG ANG PINAKAMALAKAS NA HANGING TAGLAY NITO AY 35 MILYA SA ISANG ORAS SA AGWAT NA 200 MILYA MULA SA GITNA. INAASAHANG LALAKAS ANG BAGYO AT TUTUNGO SA KANLURAN NG HILAGANG-KANLURAN SA BILIS NA 11 MILYA SA ISANG ORAS. SA IKA-8 NG GABI, AGOSTO 9, ANG BAGYO AY INAASAHAN SA LAYONG 415 MILYA SA SILANGAN NG HILAGANG-SILANGAN NG SAMAR AT SA IKA-8 NG UMAGA, AGOSTO 10, INAASAHAN ITO SA LAYONG 300 MILYA SA HILAGANG-SILANGAN NG SAMAR."

Hinggil sa babala sa pamamagitan ng tunog ng sirena o sipol, ang patakarang sinusunod ay gaya nito: Ang isang sipol sa loob ng 45 segundo pol ay nagpapatalastas na pasungit na panahon o hanging may bilis na 30-54 milya sa isang oras. Ang dalawang sipol ay nagpapatalastas na papalapit ang bagyo at dapat gumawa ng pag-iingat. Ang tatlong sipol ay nangangahulugang mapangwasak at "pumapatay" ang bagyo. (X)

**—Mario Mababangloob**

## Magbugtungan Tayo..?

Halamang di nalalanta, kahit natabas na.

Hindi tao, hindi hayop, may balbas.

Dahong binungahan, bungang dinahunan.

Eto na, eto na, hindi pa nakikita.

Eto na si Kaka, bubukabukaka.

Baboy ko sa Hulo, balahibo'y pako.

Naligo si Isko, di nabasa ang ulo.

Rubing nanggaling sa brilyante, brilyanteng nanggaling sa rubi.

May puwit walang paa, may tiyan walang bituka.

Nang maliit ay minamahal, nang lumaki'y pinugutan.

Lasong nakabubuhay, tubig na nakamamatay.

Gapang nang gapang, wala namang laman ang tiyan.

Puno'y buko-buko, daho'y abaniko, bunga'y perdigones.

Patay na di mabaho, buhay na di kumikibo.

Tinadtad ko nang tinadtad, saka ko pinalapad.

Baboy ko sa kaingin, mataba nguni't di kumakain.

Ako'y nagtanim ng saging sa harap ng mala-Birhen, kaya doon ko itinanim, nang di makain ng kambing.

Bilangin mo man nang bilangin, para kang nagbibilang ng buhangin.

Mga anak ni Penduko, ang bilang ay sampu.

**(Tingnan ang mga sagot sa pahina 31)**

## *PANGARAP...*

*(Buhat sa pahina 5)*

gal, Sebu noong Marso 17. Isang araw na nangilin ang mga taga-nayon—itinigil ang paggawa sa bukid — at nagukol ng mga dalangin sa ikapapayapa ng kanyang kaluluwa.)

Nang walang kaabug-abog na dumalaw sa Morong, Bataan noong Enero, 1954, si RM ay nagsuri sa kalagayan ng pamumuhay ng may 4,000 mamamayan. Pagkatapos ng pakikipanayam sa mga pinunong-bayan, sa pangunguna ng naging Alkalde Lorenzo Gonzales ng Morong ay iniutos ni RM ang pagpapalabas ng ₱1,050 ukol sa pagpapatayo ng labinlimang poso-artesyano upang matugunan ang malaking kakulangan ng kaluwagan sa tubig doon.

Itinagubilin din ng "Kampeon ng Mahihirap" ang pagbubukas ng patubig sa Morong para sa maliliit na pataniman ng saging na isa sa mga "kadluan" ng kabuhayan ng mga mamamayan. Bukod dito, ipinangako niyang tutulong ang pamahalaan sa pagpapagawa ng may apat na kilometrong lansangang nag-uugnay sa Morong at Alilaw.

At sa loob ng mahigit lamang na tatlong taong panunungkulan ay natupad ang **pangarap** ni RM na ipinahayag niya sa talumpating binigkas sa kolehiyo ng pagsasaka sa Los Banyos noong Oktubre, 1954:

"Ang bagong mga lansangan, at proyekto sa pagpapauniad sa mga purok ay nagbibigay-buhay sa mga nayon. Ang mga inhinyero ng hukbo'y gumagawa araw at gabi, tumutulong sa pagsasakatuparan ng palatuntunang ito. Ganito ring pagsisikap ang inilalaan sa pagtatayo ng mga poso-artesyano, sentro ng kalusugan at iba pang mga kaluwagan tungod sa ikapagkakaroon ng kasiya-siyang pamumuhay sa baryo."

## *KATHERINE DUNHAM...*

*(Buhat sa pahina 13)*

Sa pagkakaparito ni Katherine ay nabighani siya at humanga sa ating mga katutubong sayaw, sa mga gawi at kabutihang-loob ng mga Pilipino, sa maraming maririkit na bagay sa Pilipinas, at sa mabilis nating pagbabagong-tatag mula sa nagdaang Ikalawang Digmaang Pandaigdig.


"Napatunayan ko ngayon ang sinabi ni Bobby Gonzales (ang ating mang-aawit) noong magkita kami sa Australya, na masisiyahan ako sa Pilipinas. Talaga nga palang mawiwili ako rito sa inyong bayan," ang malugod na nawika ni Katherine sa mga kaharap na mamamahayag.

Sapagka't sa Sky Room ng Jai-Alai idinaos ang pakikipanayam namin sa kanya, nagkaroon ng pagkakataon si Katherine na makapanood ng larong Jai-Alai. Aywan kung isang pagbibiro lamang, naitanong niya:

"Talaga bang ganito kung maglaro ng tenis dito sa Pilipinas?" Ipinaliwanag namin ang larong iyon, at siya ay nasiyahan hanggang sa makataya sila ng mahigit na sampung piso. Nguni't nang hindi tumama ay parang nanghinayang naman siya, sapagka't aniya, bilang isang babae ay kailangang matutuhan niya ang magtipid. Gayunpaman ay natutuwa siya pagka't mayroon na namang nadagdag na isang karanasan sa kanyang buhay.

**(Susunod: Pag-ibig at pagtatagumpay ni Katherine Dunham)**


## PAGGAWA NG MESANG PANGKUSINA




Para sa mga paa, pumutol ng kahoy na 2 pulgada, kuwadrado, at may kainamang taas.

Sa isang dulo ng bawa't paa, sa dalawang magkatabing mukha, imarka ang luwang ng mga balikat ng mesa. Pagkatapos ay imarka naman ang mga dulo ng balikat.

Makukuha ninyo ang lapad, haba




at kakapalan ng mga balikat. Putulin ito ng lagari.


Ukaan ang pang-itaas na dulo ng mga paa. Dito iaagpang ang mga dulo ng mga balikat.

Mapupunang ang mga dulong balikat ay nagtatakip sa dulo ng mga panggilid na balikat.

Butasan ang gilid na balikat, na pinatatagos sa dulong itaas ng mga paa. Turnilyuhan. Isunod dito ang mga dulong balikat. Upang lalong tumibay, lagyan ng kola ang gilid ng mga pinagsusugpong.

Ang ibabaw ng mesa ay may kapal na 1" at ikinakabit sa pamamagitan ng mga *pocket screw* sa mga balikat. Lagyan din ng kola ang idinidikit na mga gilid upang tumibay.

## ANG SELULOSANG ENAMEL



Ginagamit ang selulosang enamel sa pagtatakip ng mga may ukit na kasangkapan—metal o kahoy. Ito'y madaling dumikit at malinis tingnan sapagka't mapipili ang kulay na ibig.

Ang brotsa ay dapat punuin ng pintura at hinahawakan sa paraang ang pintura'y naipamamahaging pantay-pantay.

Kapag gumagamit ng selulosang enamel, haluin ang pintura sa dakong ilalim at ipinta sa pamamagitan ng malinis na brotsang may malalambot na hibla.

Ang ikalawang pahid ng pintura ay dapat na malayulayo sa una at ang kasangkapan ay hindi itatabi sa dating lugal na pinahiran.

Kapag ang huling pahid ay tinapos sa pagpapahid ng dulo ng brotsa sa bahaging basa, hindi magkakaroon ng mga marka.

Ang kasangkapan ay hindi dapat pinturahan na tulad ng pinturang langis, kundi nang sapat lamang upang matapos ang pantay na panakip.

Kapirasong ukit lamang ang dapat takpan sa isang pahid.

Bago gumamit ng selulosang enamel, linisin muna ang ibabaw ng kasangkapan at patuyuin.

Lahat ng marka ng langis, *wax* o ano mang dumi ay kailangang alisin ng kaunting *turpentine*.

Ang kalawang sa metal ay dapat alisin ng papel-de-liha at ng petrolyo hanggang sa maalis ang bakat.


25-2

# Masdan...



**ANG DAIGDIG SA PAMAMAGITAN NG MALINAW AT MAGAGANDANG MGA MATA**


**ANG ARAW-ARAW NA PAGGAMIT NG ILANG PATAK NG**




# EYE-MO

**AY NAGDUDULOT NG KABABALAGHAN SA INYONG MGA MATA**

1 fl. oz. Contains: Chlorobutanol 1 gr., Boric Acid 10 gr., Berberine Sulphate 1/8 gr., Zinc Sulphate 1/4 gr.


MANDRAKE ang SALAMANGKERO
mna LEE FALK at PHIL DAVIS
LAHAT NG NAISIN KO--SA BUONG KALAWAKAN! HINDI KO MATIYAK!
NAGHIHINTAY SI EMPERATRIS CAROLA, INYONG KAMAHALAN.
SABIHIN MONG ABALA AKO.
HUWAG KANG MAGDUMALI, NARDA. SAMANTALA'Y IPAKIKITA KO SA IYO ANG IBANG KARIKTAN NG AKING DAIGDIG.
1
PAKIKISALO SA EMPERADOR NG ISANG MILYONG PLANETA--SA SALIW NG ISANG LIBONG MANUNUGTOG--
2
SARILING ALIWAN PARA KAY NARDA--"BALLET" SA LUPA AT KAITAASAN--NG ISANG MILYONG MANANAYAW!
2
NAISIP KONG MAKALILIBANG ITO--ISANG MATANDANG PLANETANG NAGSASAPANGANIB SA IBANG BAHAGI NG INYONG SANLIBUTAN--PINALIPAT NAMIN ANG MGA MAMAMAYAN.
3
NAKAHIHINDIK! WINAWASAK NG EMPERADOR NA ITO ANG MATATANDANG PLANETA NA TULAD NG PAGWAWASAK NG MGA TAGA-DAIGDIG SA ISANG MATANDANG BAHAY!
5
KING FEATURES SYNDICATE, Inc., WORLD RIGHTS RESERVED.
ISANG PAGSISINTAHAN ANG NABABALITA SA BUONG KALAWAKAN!
INIIBIG N'YA SI NARDA--HINDI AKO--
PAANO AKO MAKAKAKUMPITENSYA SA EMPERADOR NG ISANG MILYONG PLANETA?
4-21
6
ITUTULOY—


Johnny Tremain
ni WALT DISNEY
ILANG ARAW PAGKALIPAS NG "BOSTON TEA PARTY", ANG MGA KOLONISTA AY NAGHINTAY SA INAASAHANG PAG-UUSIG NG HARI NG BRITANYA...
BARBER
SA TANGGAPAN NG "BOSTON OBSERVER", TINIG NG MGA ANAK NG KALAYAAN, LIHIM NA SAMAHANG NANUMPANG MAGTATABOY SA MGA INGLES DAHIL SA PAGBUBUWIS NANG WALANG PAGSANGGUNI...
MARAHIL AY MAY MAKIKITA AKO O MARIRINIG NA MAKAPAGHIHIMATON SA GAGAWIN NILA!
MAG-INGAT KA, JOHNNY!
HINDI DAHIL SA IKAW ANG PINAKABATA AY MAAARI KA NANG MAGSAPALARAN!
MAG-IINGAT AKO, RAB! HINDI KO IIBIGING MALIGTAAN ANG TALAGANG BARILAN SA ARAW NG NAGSIMULA!
AKALA KO'Y TUTUNGO SILA SA AMIN--NGUNI'T LUMAGPAS SILA...
ISANG MATANGKAD NA LALAKI ANG MARAHANG LUMAPIT KAY JOHNNY TREMAIN...
KUNG MGA PUNLO LAMANG ANG TITIG, SIGURO'Y NAKAHANDUSAY NA SILA NGAYON!
HA? OH... DOKTOR WARREN! HINDI KO NARINIG ANG PAGLAPIT NINYO...
4-21
AT HINDI PO AKO TUMITITIG--INIISIP KO LAMANG KUNG PAANO SILA GAGANTI SA ATING "TEA PARTY"!
SA PALAGAY KO'Y MALAPIT NA NATING MALAMAN, BATA!
© 1957 Walt Disney Productions World Rights Reserved
IPINATAWAG AKO NG GOBERNADOR NG HARI! PAPAROON NA AKO! AT IBIG KONG MAKASAMA KITA!
Distributed by King Features Syndicate
SASAMA PO AKO!
ITUTULO

# "Remember Me"
(Alaala Kita, Mahal Ko...)




ILANG TAGPO SA BUS
nina TONY ARCEO at A. BALAGUER
SA LAHAT NG TAWAD AY ITO ANG MASAKLAP, ANG IPAGLAGPASAN KAYO NG TSUPER SA INYONG BABABAAN...
PASIG
ANO KA BA NAMAN? SINABI NANG PARA A!
AKALA KO HU E, NAKIKIPAGKUWENTUHAN LANG KAYO SA KATABI N'YO E...
KUNG SA BAGAY HU, WALA PA NAMANG NAGBABASAGAN NG ULO SA BUS! PERO PAG GANITO NAMAN NANG GANITO E...
PWE
PWAK!
!#@%*
KUNG MINSAN, KAHIT MUKHANG MATINO ANG ISANG TAO AY KAYAYAMUTAN NINYO KAPAG GANITO NAMAN!
KAILANGAN ANG ISANG ORDENANSA PARA RITO...
ANO PO BA 'YAN, AMO?
PAGKABUHAY LANG HO NG BABOY!
ANG KAWIKAANG ANG BARILES DAW KAPAG WALANG LAMAN AY TOTOONG MAALINGAWNGAW AY TOTOO SEGURO SA DALAWANG ITO...
AH, ANG NOBELA KONG MAISASAPELIKULA ANG NATITIYAK KONG MAGPAPAPUTOK SA ATING MGA SINE DITO!
ANG AKIN NAMAN, KASAMA, E, PINAG-AGAWAN NG SAMPAGUITA AT LVN, AT NAPUNIT TULOY ANG ISKRIP KAYA HINDI NAISAPELIKULA.

**Tunay na Pangyayari**

# "DAPAT AKONG PARUSAHAN"

***Pagtatapat Ng Isang Ahente***

***Kay NESTOR REYES***



**Talagang Sa Buhay Ng Tao Ay May Mga Pangyayaring Nagaganap Na Ni Sa Guniguni'y Di Sumagi O Inakala Ng Mga Kinauukulan**

**ANG NAKARAAN: Maligaya ang mga unang araw ng pagsasama namin ni Aning. Nang tatlong taon na kaming nagsasama at hindi pa kami nagkakaanak ay natutuhan ko siyang kamuhian. Ipinalagay kong wala siyang silbi at walang kuwentang asawa. At diyan na nagsimula ang pagmamalupit ko sa kanya... Pinasakitan ko siya nang labis. Ibig kong lumayas na siya upang mapalitan ko ng ibang babaing makapagbibigay sa akin ng pinakamimithi kong anak. Isang gabi, talampakang sinabi ko sa kanya ang katotohanan, at sinabi kong kung hindi na siya makatiis ay iwan na niya ang aming tahanan...**

(KARUGTONG)

KINABUKASAN, hindi ko na nagisnan si Aning. Isang sulat na lamang niya ang natagpuan ko sa aming kama.

Anang liham:

**Asawa ko,**

**Salamat sa ipinagtapat mo sa aking katotohanan. Salamat sa gantimpala mo sa akin pagkalipas ng mahigit na tatlong taong paglilingkod ko sa iyo at pag-uukol ko sa iyo ng matapat na pagmamahal. Aalis ako, gaya ng ibig mong mangyari. Nguni't sa kabila ng lahat... lalayo ako na taglay ko pa rin ang di nagmamaliw na pag-ibig ko sa iyo na di mo natutuhang pahalagahan.**

**Lumigaya ka nawa sa piling ng babaing minarapat mong ipalit sa akin...**

**Paalam,**
**ANING**

Aywan kung bakit hindi man lamang ako nakadama ng kahit bahagyang kalungkutan. Ikinagalak ko pa ang kanyang pag-alis sapagka't maisasagawa ko na ang malaon ko nang binabalak.

Hindi lubhang nagtagal buhat noon, mga ilang buwan lamang ang nakalipas, ay kasama ko nang umuwi sa aming bahay ang isang babaing inihalili ko kay Aning — si Melba. Maganda si Melba, sariwa at lubhang malambing. Kaipala'y liligaya ako sa kanyang piling, laluna kung maihandog na niya sa akin ang bagay na di naibigay sa akin ng tunay kong asawa. Malusog si Melba... at marahil ay hindi na mabibigo sa kanya ang nabigong pag-aasa ko kay Aning.

Isa... dalawa... siyam na buwan ang lumipas. Subali't wala pa ring tanda man lamang ng katuparan ng aking pangarap. Tila bigo rin kay Melba ang aking pag-asa sa pagkakaroon ng supling na magiging aliw ng aming tahanan. Hindi ko naman masabing ipinagkakait din sa akin ni Melba ang aking pinakamimithi. Malimit niyang masabi sa akin na siya man ay nasasabik na ring magkaroon ng anak. Gayonman ay patuloy akong naghintay. Inaaliw ko ang aking sarili. Maikli pa naman ang panahon ng aming pagsasama, at kaipala'y hindi pa lamang dumarating ang takdang araw...

Subali't kaiba kaysa kay Aning, nadarama kong hindi matapat at waring may halong pagpapakunwari ang pagmamahal at mga paglalambing sa akin ni Melba. Hindi siya gaya ni Aning na mapagpaumanhin at maunawain sa aking mga pagkukulang. Lubha siyang mahigpit sa salaping aking pinaghihirapan. Bahagyang makagasta ako ng kaunting halagang para sa aking sarili ay agad na siyang manunumbat at mang-uusig. Higit sa lahat, pala-panaog siya ng babay at sa kung saan-saan nagpapalipas ng mga sandaling dapat sana'y ipinatili niya sa loob ng aming tahanan. Kadalasan ay dumarating akong wala siya sa bahay, at ni walang nakahandang pagkain. At kung minsa't parang napupuno na ako sa kanyang ginagawi at siya'y aking napagsasalitaan, agad na siyang magagalit, makikipagsagutan at magmamaktol nang gayon na lamang.

—Ba, hindi ako nakisama sa iyo para panisin mo lamang dito sa loob ng bahay! —minsa'y sagot pa niya sa akin nang banggitin ko ang pagpana-panaog niya.

—Hindi ko naman sinasabing huwag kang umalis, o mamasyal, —paliwanag ko. —Ang ibig ko lamang sabihin ay ilagay mo naman sa oras, at huwag kang lubhang magpapagabi. Alalahanin mo ang masasabi sa atin ng tao.

Lalo nang lumakas ang kanyang tinig nang muling sumagot. At ang pag-uusap naming iyon ay muntik nang mauwi uli sa pagkakagalit kung hindi ako na ang kusang tumigil at nagsawalang-kibo na lamang.

Sa mga ginagawing iyon ni Melba ay di ko maiwasang maguniita ang lumayo kong asawa. Langit at lupa ang pagkakaiba ng ugali nilang dalawa. Si Aning ay lubhang mabait, mapakumbaba, mapagparaya. Hindi ko siya nakitaan minsan man ng masamang mukha kahit na ako pa ang nagkukulang at nakagagawa ng pagmamalabis sa aming pagsasama. Hanggang sa matutuhan kong pagmalupitan at pasakitan ay hindi man lamang siya sumagot sa akin nang pagalit. Luha lamang ang ginagawa niyang kalasag sa lahat ng pagkakataon.

At noon ako tinubuan ng pagkahabag sa lumayo kong kabyak. Naisip ko ang aking pagkakamali at ang nagawa kong malaking pagkakasala sa kanya dahil lamang sa makasarili kong hangarin. Walang nagagawang pagkakasala si Aning, at mauuliran pa nga siya bilang isang matapat na kabyak ng dibdib. Nguni't ano ang iginantimpala ko sa kanya... gaya ng huling pangungusap na iniwan niya bago siya lumisan sa aming tahanan?

Ang unti-unting pagsisisi ko sa mga ginawa ko kay Aning ay nauwi sa malabis na pagkamuhi at pagsumpa ko sa aking sarili nang matuklasan ko ang isang bagay na di ko inaasahan.

Nang minsang muli kaming magkagalit ni Melba ay may sinabi siya sa akin na hindi ko natutulan.

—Para sabihin ko sa iyo ang tutoo ay ako ang nababagot na sa ating pagsasama! —matigas niyang wika. —Kaya lamang ako nakisama sa iyo ay sa hangaring magkaroon din ng anak, baka akala mo...

—At ano ibig mong sabihin? —pagalit kong usig.

—Ikaw siguro ang may dipirensiya... kaya wala pa hanggang ngayon! At ang nakakagalit ay ako pa ang tila ibig mong sisihin...

—Samakatwid ba ay sa akin

mo isinisisi ang pagkabigo ng ating...

—Oo! —mabilis niyang tugon na ngumiti pa nang pilit. —Nalalaman kong wala akong ano mang dipirensiya pagka't napatingin muna ako sa doktor bago ako nakisama sa iyo!... Bakit hindi ka patingin din para malaman mo ang tutoo?

Tinanggap ko ang tila paghamon ni Melba. Napatingin nga ako sa isang dalubhasang manggagamot. At parang bumagsak sa akin ang langit nang malaman kong ako nga pala ang dahilan ng di ko pagkakaanak! Ako'y isang taong walang silbi! Isang baog!

Sa pagkakatuklas kong iyon ng katotohanan ay ibig kong ipaghampasan ang aking sarili. Hindi sa ano pa mang kadahilanan kundi dahil kay Aning... sa kawawa kong asawa na pinasakitan ko nang labis at kusang pinalayas, gayong ako pala ang dapat sisihin at bagsakan ng lahat! Ako pala ang walang silbi... ang walang kabuluhan... ang walang saysay na asawa!

Nalaman din ni Melba ang tutoo. At gaya ng aking inasahan, iniwan niya ako matapos libakin at pagtawanan. Nabalitaan ko na lamang na nakikisama siya sa iba namang lalaking sa palagay niya'y ganap niyang "pakikinabangan".

Diyan na nagsimula ang aking pagdurusang di ko ikatahimik sa araw at gabi. Laging sumusurot sa akin ang nagawa kong napakalaking pagkakasala sa aking asawa. Laging sinusumbatan ako ng aking budhi, at mandi'y nakadarama ako ng isang pagkapahiya maging sa aking sarili. Ano ang nagawa ko sa aking mabait na asawa! Anong kahangalan ang ginawa ko sa aking kabiyak na nagtiis ng sukdulang hirap at sakit dahil sa mali kong akala! Pinarusahan ko siya dahil sa isang bagay na ang tutoo'y di naman maituturing na pagkakasala, gayong ako pala ang dapat bagsakan ng lahat!... Ako ang dapat parusahan!

Ngayon, wala nang katiyakan ang aking pamumuhay. Sumipot-na-dili ako sa aming tahanan. Ang mga sandali ng pagpapahirap sa akin ng sarili kong budhi ay ibig kong itaboy sa pamamagitan ng mababagsik na ispiritu ng alak. Ibig kong makalimot!

At kung dumarating ang panahong ang bigat ng nagawa kong pagkakasala ay parang di makayang dalhin ng aking puso at isipan, buong pagpapakumbabang tumatawag na lamang ako sa Diyos upang ako'y Kanyang tulungan. Siya lamang ang makapagbibigay sa akin ng lakas upang ganap kong mapaglabanan ang marahas na panunumbat at paguusig ng aking budhi.

Di-miminsang binalak kong puntahan ang aking asawa na nabalitaan kong bumalik sa kanyang mga magulang. Patirapang hihingi ako sa kanya ng tawad. Magsusumamo ako sa kanya at magmamakaawa upang muli siyang umuwi sa aming tahanan. Subali't laging nawawalan ako ng lakas ng loob. Paano ko maihaharap sa kanya ang aking mukha pagkatapos ng naganap na mga pangyayari?

Aywan kung saan pa hahantong ang kapalaran kong ito. Nguni't ano man ang maging wakas, tatanggapin ko nang maluwag sa loob pagka't siya lamang nararapat. Dapat akong parusahan ng Diyos... at ito na ang Kanyang parusa!

(X)



**HINDI MAGTUTUNGGAAN** ang dalawang Haponesa sa larawan. Ipinakikita lamang nina Yukie Peltier at Nobuko Olson ang ilan sa mga produktong idini-display ng kanilang bansa sa Chicagoland Fair. Ang mga produktong tulad ng mamahaling mga tela, laruan, baso at palamuti ay siyang bumuo sa mga display sa ikaapat na Japan Sample Fair na nilahukan ng anim na nangungunang mga lunsod sa Hapon. Kinabibilangan ng mga produkto ng iba pang mga bansa, ang Chicagoland Fair ay pinasimulan noong Hunyo 28 at matatapos sa Hulyo 14. Ito'y ginaganap sa Navy Pier, Chicago.

**MATAMIS NA "DUGO"**

Isang araw, kumuliling ang telepono sa istasyon ng pulisya sa Terre Hautte, Ind., Estados Unidos. Isang tsuper ng trak ang tumawag. Nakakita raw ng isang batang punung-puno ng dugo ang mukha...

Mabilis na nagtungo ang mga pulis sa kinakitaan umano sa bata. At hind nagsisinungaling ang tsuper. Ang kaibhan nga lamang, hindi dugo ang nakakulapol sa mukha ng bata kundi **plum jam**, isang uri ng matamis.


Nagkakamot ng ulong bumalik sa istasyon ang mga pulis...


SANGKAP NA NAGPAPABABA NG LAGNAT SA

BAGONG PORMULA | MAY TATLUHANG BISA

CAFIASPIRINA

HIGIT NA MABISA KAYSA "KABABALAGHANG LUNAS"



Pagsubok na ginawa sa 150 Amerikanong Abiador ay nagpatunay sa kabilisan ng CAFIASPIRINA sa pagpapababa ng lagnat!

Mga pagsubok sa klinika na ginawa sa isang himpilan ng paliparan sa Estados Unidos sa 150 Aviador na binabagabag ng Influenza, bronkitis at sipon, ay nagpatunay na ang tampok na sangkap ng bagong Cafiaspirina ay pinabababa ang lagnat ng lalong mabilis kaysa mga tinatawag na kababalaghang lunas o "antibiotico." Ang kinalabasan ng pagsubok ay nagsasaad din na walang masamang bungang naidudulot, na paminsan-minsan kaagibat ng "antibiotico."

Ang Cafiaspirina ay nagdudulot ng hindi lamang isa kundi dalawang nagkakabisang pamawi ng kirot at saka ikatlong sangkap na dagling nagpapaginhawa sa panghihina, na laging kaagibat ng lagnat, kirot at sipon. Itong tatlong sangkap na "panlaban sa kirot" ay samasamang nagkakabisa, animo hatol ng manggagamot, nagdudulot ng dagli at banayad na ginhawa. At bago ninyo namalayan, ang kirot at sakit ay napawi na pati ang pamimigat ng katawan na laging kaagibat ng sipon, lagnat o sakit ng ulo.




Upang masugpu ang lagnat o sipon at muling sumigla...

Laging lumunok ng

BAGONG PORMULA | MAY TATLUHANG BISA


CAFIASPIRINA

3-KAGILAGILALAS NA "PANLABAN SA KIROT" SA BAWA'T TABLETA!

21-3

# BALITANG PANDAIGDIG AYON SA KAMERA

**"HEY, RESTAWRAN"** — Sa Copenhogen, Denamarka, ang pagtawag ng isang ibig kumain ay hindi "hey waiter" kundi "hey restawran". Sapagka't napaharap sa suliranin ng pagpapalawak ang pinakamalaking tanggapan ng makinarya at pagbabapor sa Denamarka, isang lumulutang na restawran ang ipinagawa na siya ngayong kinakainan ng mga trabahador doon.





**SI GUWAPO** — Nasusuya si Irwin, isang hippo sa London Zoo, kapag siya'y kinukunan ng larawan. Mangyari, alam niyang sa kabila ng kanyang kakisigan ay hindi siya hahangaan ng mga taong marunong "kumilala ng kagandahan" ng mga nilikhang katulad niya na apat ang paa!



**O, MAKAPANGYARIHANG HALAMAN!** — Hindi ipinagtaka ng marilag na si Beverley Jones ang pagtubo ng isang munting halaman sa maliit na butas sa kongkretong bato sa Lake Wales, Fla. Aniya: "Tulad ng taong uhaw sa pag-ibig, ang halamang ito'y uhaw sa liwanag at hangin kaya nagpilit makasibol."




**"HUWAG KAYONG KIKILOS"** — Ito'y isa sa mga babala ng sasakyang ito na marunong magsalita. Sa tulong ng isang makinarya, pinagpapayuhan nito ang mga pasahero na magsipag-ingat. Matatagpuan ang mga sasakyang nagsasalita sa Atlanta, Ga.



**NAKAPAGSASALITANG PIPI** — Si M. Vercauteren, napipi pagkatapos operahan sa kanser sa lalamunan, ay lumikha ng isang tubong plastik na magagamit sa pagsasalita ng mga tulad niyang pipi. Ang tubo ang pinakapangalawa nilang dila.

# ibat ibang Kulay sa puting tabing

ni eddie rañola



*Tila may mga itinatagong kapilyuhan itong sina Romeo Vasquez at Tony Marzan, ano po? Ano kaya ang iniisip nilang biro o "kakuwanan" kina Daisy Romualdez at Marlene Dauden?*

Tutoo nga kayong umiibig si Juancho Gutierrez kay Gloria Romero? Iyan ang naitatanong nang marami. At sa isang nagtanong din sa amin kung iyan ay tutoo, ang sagot namin ay... aywan!

Nguni't ayon sa mga bali-balitang nagmumula na rin sa mga taga-Sampaguita ay tutoo raw na umiibig si Juancho kay Gloria. Ang hindi lamang masabi ay kung "nakapagtapat" na ang binata.

Para sa amin, magkatutoo man ang balitang iyan ay hindi masama. Binata si Juancho at dalaga naman si Gloria. At... ang binata ay talagang para sa dalaga.

Ang nasasabi lamang ng ilan ay ito: Tila salawahan daw si Juancho, sapagka't noong una ay nabalitang umiibig din kay Amalia Fuentes. At ngayon... ay kay Gloria nga naman nabaling ang "damdamin". Hindi na namin mapanghimasukan ang kurukurong iyan ng ilan. Nguni't para sa amin... talagang ganyan lamang ang pag-ibig!

---

*Si Luisa Montesa ay bagay daw magmadre, ang sabi ng isang taga-LVN, dahil sa isang pangyayari.*

*Nang gabing dumating sa Tokyo ang pangkat ng "Turista" ay inanyayahan sila ni Bimbo Danao na magtungo sa Crown Club.*

*Maganda ang bilang ng palatuntunan, at pagkatapos ng isang awit ni Bimbo ay sumunod ang isang bilang ng sayaw na ginampanan ng isang magandang haponesa. Buong pananabik na nanonood ang lahat, laluna ang kalalakihan. Ang kasuotan ng haponesa ay manipis na damit lamang na halos nagbibilad na ng kabuuan ng katawan.*

*Habang patuloy ang pagtatanghal napansin nina Nida at Nestor na payuko-yuko si Luisa na parang ayaw tumingin. Nang dumating sa bahaging alisin ng nagsasayaw na haponesa ang halos buong damit, si Luisa ay napabigkas ng "Diyos ko..." at naghimatay.*

*Nang mahimasmasan ang bituin at kausapin nina Maring Sevilla at Atsuko Kindaichi, itong huli'y kasamang lumalabas sa "Turista", ay saka lamang nabatid kung bakit nagka-*

*(Sundan sa pahina 30)*


## Kung hindi Kayo makapagsepilyo tuwing matatapos Kumain

**Minsang Pagsesepilyo lamang sa pamamagitan ng COLGATE DENTAL CREAM ay**

- ✓ **Maghapong Sumusugpo sa Pagkasira ng Ngipin!**
- ✓ **Karakarakang Pumapawi sa Masamang Hininga!**
- ✓ **Pinananatiling Maganda't Malinis ang Ngipin!**



Karaka-rakang nagkakabisa ang Colgate's upang masugpo ang masamang hiningang nagsisimula sa bibig sa 7 sa bawa't 10 pangyayari. Minsang pagsesepilyo lamang ng Colgate's ay iniiwang higit na malinis at sariwa ang inyong bibig sa loob ng 12 oras o higit pa. Sadyang naiibigan ng kabataan ang kasiya-siyang lasang maanghang ng Colgate's. Kaya't naiibigan nilang gamitin lagi ang Colgate's sa pagsesepilyo ng ngipin tuwing matatapos kumain—ang pinakamabuting paraan na napag-alamang nakababawas sa pagkasira ng ngipin. Tandaan, upang matiyak ang ganap na kalusugan ng ngipin ay makipagkita sa inyong dentista makalawang beses sa isang taon.

*Sapagka't*


**Colgate's ang tanging panlinis sa ngipin na may GARDOL* na sumusugpo sa pagkasira ng ngipin sa buong maghapon!**

Kaya't ang Colgate's ay hindi lamang lubusang nililinis ang ngipin — hindi lamang pinakikisiap at pinagaganda ang ngipin — hindi lamang ganap na pinababango ang hininga — nguni't sinusugpo rin ang pagkasira ng ngipin sa loob ng 12 oras o higit pa!



Minsang pagsesepilyo ng Colgate's sa umaga —at minsang pagsesepilyo sa gabi—ay nagbibigay ng maghapon at magdamag na pananggalang laban sa nakasisirang asido. Ang Gardol ng Colgate's ay bumubuo ng pananggalang sa buong maghapon! May kasiya-siyang lasang maanghang na naiibigan ng buong pamilya.

* Colgate's Trade-Mark for Sodium N-Lauroyl Sarcosinate





*Itinatagubilin ng* PHILIPPINE DENTAL ASSOCIATION

**Ang Pinakamabiling "TOOTHPASTE" Sa Pilipinas ...Sa E. U. A. ...Sa Buong Daigdig!**

*Aruuuuyy! ang wari'y daing ni Ike Jarlego, Jr. samantalang pinipilit gupitan ni Emma Alegre sa tagpong ito sa "BASTA IKAW" ng LVN. (Kung kami ang gugupitan ni Emma, isang taon mang maggupitan ay di namin iindahin!)*



*"Sige na naman... ngumiti ka na, o..." ang wari'y kapuwa sinasabi nina Luis Gonzales at Tony Marzan sa tila kapuwa naman nagtatampong sina Gloria Romero at Barbara Perez. Tagpo sa "COLEGIALA" ng Sampaguita na pinamamahalaan ni Direktor Tony Cayado.*



*gayon si Luisa Montesa. Hindi pa pala nakakapanood ng gayong uri ng pagtatanghal kaya hindi natagalang pagmalasin ang pinanonood na "palabas". Ipinaliwanag naman nina Aling Maring na ang gayon ay karaniwan na sa mga* night club *sa Tokyo.*

---

Wala nang pagkaurong ang ibinalita namin noong Linggo na paggawa ng pelikula ng Everlasting Pictures sa pakikipagtulungan ng Shaw Brothers Studios ng Singapur. Ang mga pelikulang unang gagawin ng dalawang samahan ay ang *Three Flags West, Singapore Affair* at *The Tiger of Malaya.* Ang tatlong pelikulang ito'y lalabasan ng mga artistang Pilipino at ng mga kilalang bituin sa Singapur.

Kaugnay ng paggawa ng tatlong pelikulang nabanggit, ang Shaw Bros. ay nagbukas ng isang timpalak sa paghahanap ng mga bagong bituin, na pawang magagandang babae lamang ang makalalahok.

Sa isang sulat na ipinadala ni Josef Schneider, tagapamahala ng kagawarang panglabas ng Everlasting Pictures, ay nabatid na lubhang "nagpapasakit ng ulo ng mga hurado ang paghatol sa timpalak sapagka't sa kagandahan ng mga nagsisisali ay walang-itulak-kabigin."

---

*Sa kauna-unahang pagkakataon ay ngayon lamang maging "bida' 'sa isang pelikula ang isang uri ng rebolber: ang kalibre .45. Kung bakit, ay dahil sa iyan ang napilina pamagat.*

*Ang* Kalibre .45 *ay ginagawa ng* Premiere Productions, *sa pamamahala ni Cesar Ramirez. Mga pangunang bituin sina Efren Reyes, Danilo Montes, Cynthia Zamora, Edna Luna, Amado Cortez, Leonor Vergara, Boy Francisco, Oscar Roncal, Nello Nayo at Quiel Segovia.*

---

Nabalita kamakailan na sina Ramon Revilla ng Sampaguita at Rebecca del Rio ng LVN ay nagkaroon ng isang malaking kasong "tiyak na hahantong sa hukuman." Ang dahilan ay may kaugnayan sa nababalita ring umano'y pag-iibigan ng dalawang bituin.

Nguni't ngayon, tila nagbago na ang hihip ng hangin at maaayos na ang lahat. Ilang ulit na umanong nakikitang magkausap sina Ramon at "Becky" — at wala na ang galit sa kanilang anyo. Sa halip, mababakas sa kanilang mga mukha ang kaligayahan at pagkagiliw sa isa't isa na di miminsang nakita nang marami sa mga sandali ng kanilang pagniniig nang mga nakaraang araw.

Dahil diyan, ang nabalitang "paghantong sa hukuman" ng naging mabigat na usapan ng dalawa ay maaasahang mauuwing muli sa matalik na "pagkakaibigan."

---

*May lumalaganap na namang panibagong balita. Ito'y tungkol kina Amalia Fuentes at Romeo Vasquez, na kapuwa nagsisilabas sa* Pretty Boy. *Umano, nabubuklod ang dalawang bituin ng "matamis na pagtitinginan" buhat nitong mga huling araw na malimit silang magkasama sa mga pagsisiyuting ng ginagawa nilang pelikula.*

*Nguni't nang pabirong tanungin si Romy ng isang tagahanga, ay nakangiting aniya: "Hindi tutoo ang balita! Bakit ako magkakagusto sa matakaw na 'yon!"*

*Nang si Amalia naman ang tanungin ng isang kasamahan kung tutoo ang balita, ay papiksing sumagot: "Hu, hindi! Magkaibigan lang kami dahil sa madalas niya akong bigyan ng pritong manok!"*

*Himig pabiro ang pagkakasalita ng dalawa. Nguni't aywan kung tutoong gayon din ang sinasabi ng kanilang puso. Ayon sa isang taga-Sampaguitang nakausap namin ay talaga ngang "nagiging matamis ang pagtitinginan" ng dalawang bituin, at ito'y napansin nila nitong mga nakalipas na araw.*

---

Si Pempe Padilla ay nahaharap ngayon sa isang mabigat at maselang na gampanin: ang pagtupad niya ng pangunang papel sa *Objective: Patayin si Magsaysay* ng Champion Pictures.

Sa pelikulang ito'y ginagampanan ni Pempe ang papel ni Manila Boy, isang huk na naatasan ng kanilang pinuno upang



*Sina Liza Gaye, kapatid na bunso ni Debra Paget at bituin ng "Rock Around the Clock", saka ang sarili nating artistang si Zaldy samantalang nagsasanay ng sayaw na "Calypso" para sa pelikulang "SWEETHEARTS".*

patayin ang yumaong Pangulong Magsaysay na noon ay namumuno sa kilusan sa paglipol sa mga huk.

Dahil sa panibagong "tungkulin" na napaatang kay Pempe, marami ang nagsasabing malamang na hindi na niya ituloy ang pagkampanya sa pulitika bilang kandidato sa pagka-Kongresista ng Bulakan.

Nguni't ayon naman sa isang lider ni Pempe ay "tuloy din ang laban" ng kanilang "manok" at ang paglabas ni Pempe sa *Objective...* ay hindi magiging hadlang.

---

*Ilan na namang miyembro ng "Lo Waist Gang" ng Larry Santiago Productions ang nabalitang napasangkot sa isang gulo kamakailan. Ito'y ikatlong ulit nang pagkakabalita tungkol sa "di kanais-nais" na inaasal ng ilang miyembro ng nabanggit na "Gang" sa pelikula.*

*Kung ang mga pangyayaring iyan ay hindi maputol at patuloy na magaganap — sa kagagawan ng ilang kasapi ng naturang "gang" — malamang na mawalan sila ng mga tagahanga at wala na tuloy manood ng mga lalabasan nilang pelikula.*

---

Si Lolita Rodriguez, na tumutupad ng papel ng isang biktima ng polyo sa *Gabi at Araw* ng Sampaguita, ay muntik nang maaksidente sa isang pagsisiyuting ng nabanggit na pelikula. Salamat sa maagap na pagkilos ni Direktor Octavio Silos at naiwasan ang kapahamakan.

# Nababago sa silong ng langit!




## Ang PMC ay patuloy sa pagpapaunlad at pagdaragdag sa talaan ng kanyang mga produkto . . . isang mahalagang dahilan sa taun-taong pag-unlad ng Kumpanya.

Ang mga produktong nakalarawan sa itaas ay kararagdag pa lamang sa mahabang talaan ng mahuhusay na produkto ng PMC. Bagong *Pink Camay* at Oso ay mga produktong bunga ng mahabang karanasan ng Kumpanya sa paggawa ng mahuhusay na sabon. Ang Gleem Toothpaste ay bunga ng patakaran ng PMC sa paggawa ng mga makabagong produkto upang matugunan ang dumaraming pangangailangan ng dumaraming mga taong ang pamantayan sa buhay ay patuloy sa pagtaas.

Sa mahabang kasaysayan ng paglilingkod sa bayan, ang PMC ay nangunguna sa paggawa ng maraming produktong may mataas na uri sa karampatang halaga, na siyang tumutulong sa kalusugan at kaginhawahan ng bansa; napauunlad ang kabuhayan ng bansa sa pamamagitan ng paglikha ng libu-libong pagkakataon sa hanap-buhay sa larangan ng pagsasaka, industriya, at pangangalakal.

Sa mga laboratoryo ng PMC, may iba pang mga bagong produktong patuloy na nililinang upang lalong mapaglingkuran ang bawa't sambahayan.

Ang walang humpay na paglinang sa mga bagong produkto — bukod sa patuloy na pagpapataas ng uri ng mga produkto sa kasalukuyan — ay isang pangunahing dahilan sa patuloy na pag-unlad ng PMC sa loob ng maraming taon sa harap ng napakahigpit na kumpitensya.

Ang pag-unlad na ito ay siyang nakatulong sa Kumpanya upang maging isang lider sa pagbibigay ng maraming mabubuting biyaya sa aming mga empleyadong tuwirang nakikibahagi sa patuloy na pananagumpay ng PMC.

**Philippine Manufacturing Company**

Copyright PMC 1957